# BAGONG BUHAY KAY CRISTO



## Volume 5

Pamumuhay ng may Kalayaan. Pagkilala sa Katotohanan...

## Mga Biblikal na Kasagutan sa mga Karaniwang Kasinungalingan

Para sa mga karagdagang impormasyon patungkol sa mga aralin ng Bagong Buhay Kay Cristo sumulat sa:

**Email: info@nuevavidaencristo.org**

Mag download ng libreng kopya ng araling ito at ng iba pang volumes ng Bagong Buhay Kay Cristo sa mga sumusunod na websites:

**www.NewLifeDiscipleship.com**
**www.nuevavidaencristo.org**

Ang araling ito ay orihinal na naisulat sa Español at available din sa iba pang wika na ma download sa nasabing mga websites.

Pinapahintulatang ipa-photocopy ang mga araling ito sa kondisyon na babanggitin ang orihinal na pinanggalingan ng mga aralin at walang pagbabagong gagawin sa mga nilalaman o pagkagawa nito.

Copyright 2013 © Mark Robinson
Unang salin sa Tagalog 2020
Isinalin ni Ephraline M. Sanoy
Iginuhit ni: Samuel Valatierra

Isinagawa ni Mark Robinson
Avant Ministries-Camino Global
10000 N Oak Trafficway, Kansas City, MO 64155 USA

Mayo 5, 2020

# MGA NILALAMAN


Gabay sa Guro .................................................................... 4

Step 1 Huwag kang Humatol, Hayaan mo na lang! .............. 6

Step 2 Hindi Ko Ramdam ang Pagiging Bagong Nilalang …… 8

Step 3 Mga Mapagkunwari sa Iglesya ……………................... 10

Step 4 Machismo (Ang Pagmamataas ng mga Kalalakihan) ... 12

Step 5 Mga Tunay na Lalaki .................................................. 14

Step 6 Ang Modernong Babae ............................................. 16

Step 7 Ang Mabuting Balita at Kasaganaan .......................... 18

Step 8 Kasaganaan, Part 2 ................................................... 20

Step 9 Ako ba ay Ligtas pa? ................................................. 22

Step 10 May tanong ako bago ko tanggapin si Cristo ........... 24

Step 11 Ano na Ngayon? Katotohanan o Kasinungalingan .... 26

Memory verses ..................................................................... 28

Certificate ............................................................................ 29

# GABAY SA GURO



1. Binabati ka namin sa pagtanggap sa hamon na gawing alagad ang mga bagong mananampalataya gamit ang Bagong Buhay kay Cristo bilang iyong gabay, Ang resulta ng pag-aaral na ito ay magdudulot ng walang-hanggang bunga.

2. Hayaan ang Biblia ang mamahalang sumagot sa mga katanungan. Ang mga mag-aaral mismo ay kailangang tumingin sa mga talata sa Biblia at sagutin ang mga tanong ayon sa sinasabi ng Biblia lamang. Maaaring ang iba na hindi pa nakabasa ng Biblia ay mangailangan ng gabay kung paano makita ang mga aklat sa kanilang mga Biblia.

3. Kadalasan, ito ay pinag-aaralan minsan sa isang linggo, hinihimok ang mga alagad na gawin lahat ang mga takdang-aralin sa bawat pag-aaral.

4. Iwasang humaba ang oras ng inyong pag-aaral.

5. Himukin ang mga mag-aaral na sagutan ang mga tanong sa sarili nilang mga salita imbis na kopyahin lang ang bawat salita sa Biblia. Ang pagsagot nila sa sariling salita ay makakatulong sa kanilang pagkaunawa sa kahulugan ng mga talatang kanilang pinagaaralan.

6. Iwasan ang mangaral. Gumamit ng mga tanong upang makita kung nauunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang aralin at upang magkaroon sila ng aktibong pakikibahagi sa pag-aaral.

7. Maghanda ng maigi sa bawat pag-aaral. Bilang guro, maging pamilyar ka sa nilalaman at sa mga susing konsepto ng bawat aralin.

   Sa iyong paghahanda, laging isama ang pananalangin para sa iyong mga mag-aaral at para sa iyong puso

8. Subuking ipaisip sa mga mag-aaral ang mga implikasyon ng mga aralin sa kanilang buhay. Tulungan silang maunawaan ang tiyak at praktikal na pagsasabuhay ng bawat natutunan sa aralin.

   STOP Kapag nakita ang "STOP" sign, huminto muna at pagbulay-bulayan ang mga tanong na matatagpuan doon. Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga takdang aralin na nakalagay sa gilid ng bawat aralin.

9. Tulungan ang mga mag-aaral na linangin ang ugali ng pananalangin. Turuan sila sa pamamagitan ng pananalanging kasama sila.

10. Napakahalagang maunawaan na ang paggawa ng alagad (Discipleship) ay higit pa sa pag-aaral ng mga araling ito, Ang paggawa ng alagad ay nagpapakita ng pagbabago sa buhay ng mga alagad.

    Ang manwal na ito ay pangtulong lamang. Ang mag-aaral ay nangangailangan patuloy na magabayan sa pagnanais nilang magkaroon ng pagbabago sa kanilang pagkatao, paraan ng pag-iisip, mga gawi at iba pa.

11. Napakahalaga na matutunan ng mga alagad/mag-aaral ang kahalagahan ng araw-araw na pagbabasa ng Biblia, panalangin at ang pagkakabisa ng mga talata sa Biblia. Himukin silang gawin itong ugali nila. Huwag pagalitan ang mga mag-aaral kung hindi nila na kumpleto ang mga takdang-aralin, pero siguraduhing mahimok silang tapusin ang mga ito.

12. Maging sensitibo sa ginagawa ng Dios sa buhay ng iyong mga tinuturuan. Magkaroon ng pagkakataong sagutin ang mga katanungan nila o tulungan sila sa mga hinaharap nilang mga pagsubok o problema sa kanilang mga personal na buhay.



# *... ang Kanyang katotohanan ay kalasag at baluti*

## *Awit 91:4*

***Ang araling ito ay itinalaga sa pag-aaral ng mga ilang kasinungalingan na ginagamit ng mundo at ng diablo upang lituhin tayo.***

***Pag-aaralan natin ang mga paksa tulad ng Pagpapaubaya (tolerance), Pagkukunwari, Machismo, Prosperity Gospel at marami pang iba…***

***Bawat aralin ay nagnanais magbigay ng mga katugunan hango sa Biblia na mag-aakay sa iyo upang gumawa ng pagpipili na magdadala sa iyo sa kalayaan.***



Step 1

# Huwag kang humatol, hayaan mo na lang

*Sagutin ng Tama (T) o Mali (M)*

______ *Wala akong karapatang sabihan sinuman kung ano ang kanilang dapat gawin.*

______ *Ang pinakamahalagang gawin sa buhay ay ang hayaan na lang ang iba kung ano man ang kanilang ginagawa.*

______ *Ang paghahatol sa iba ay problema ng mundo ngayon.*

**ANG KASINUNGALINGAN**

Ang kasinungalingan ito ay may mga pagkakaiba-iba: • "Sinabi ni Jesus huwag humatol sa iba, kaya sino ako para punahin ang iba o sabihan ang iba kung ano ang dapat nilang gawin?" ; • "Ayokong maka offend kaninuman"; • "Ang mga tuntunin sa iglesya ay pawang mga legalismo lamang"; • "Ayokong pinagsasabihan ako ng iba kung paano ko patatakbuhin ang buhay ko". Nakakarinig tayo madalas ng mga salitang ito. Ito ba ay totoo? O katulad lang din ng ibang mga kasinungalingan o kalahating-katotohanan (half-truth) lamang?

**PAGHAHATOL**

1. Ano ang problema sa paghahatol sa iba? Mateo 7:1-4 ______________________________

   ______________________________________________________________

   Isipin ang mga pagkakamali mo bago mo tingnan ang mali sa iba.

2. Ibig bang sabihin nito ay hindi na tayo dapat pumuna sa mga sinasabi o ginagawa ng iba? Ipaliwanag. ______________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. May kaibahan ba sa paghahatol, (judging), pagpapayo (exhortation), pagsaway (admonition)? ______________________________________________________

   ______________________________________________________________

   Ang paghahatol ay pumupuna o kumokondena sa iba, subalit ang pagpapayo, pagsaway ay nagtuturo at nagpapanauli sa iba. Totoo ngang inutusan tayo ni Jesus na huwag humatol, ngunit hindi ito nag-aalis ng kalayaan sa atin sa responsibilidad nating magpayo at sawayin o paalalahanan ang iba sa kanilang pananampalataya. Ang volume 3 ng mga aralin ng Bagong Buhay Kay Cristo ay tinalakay ang mga bagay na ito.

***Tolerance***

***Pagpapaubaya***

"Sa mundo ang tawag dito ay Tolerance/Pagpapaubaya", subalit sa impyerno ang tawag dito ay despair/ kawalan ng pag-asa. Ang kasalanang naniniwala sa wala, nagmamalasakit sa wala, ninanais kilalanin ang wala, nakakasagabal sa wala, natutuwa sa wala, naiinis sa wala, hinahanap ang layunin sa wala, at nabubuhay sa wala lang kung saan ito ay ikamamatay din." -Dorothy Sayers-

Ikaw ba ay umaayon sa kasabihang ito? _______ Bakit?

**PAGPAPAUBAYA (TOLERANCE)**

4. Ang uri ng Pagpapaubaya na naituturo ngayon ay hindi nalilimitahan sa pagiging palakaibigan at paggalang sa iba. Kundi, ito ay naging doktrina o isang paniniwala na. Ito ay kumukumpirma sa ideya na ang lahat ng paniniwala ay totoo at wasto. Kaya, walang sinuman ang may karapatang suriin ang ibang paniniwala nang may paghuhusga.

   Ang kabaligtaran pa nito, ang modernong "pagpapaubaya" ay naging pamantayan na upang batikusin o kasuhan pa ang sinumang magtanong o pumuna sa ibang paniniwala. Kinokondena nito ang sinumang maghayag ng absolute o biblikal na katotohanan. Ang "pagpapaubaya" na ito ay nagtataguyod sa pagiging totoo ng lahat ng paniniwala/pananampalataya, tumatanggi ito sa biblikal na Cristianismo dahil ito ay laos na, radikal at panatiko lang.

5. Base sa mga talatang ito, ano ang masasabi mo sa mga nagsasabing, *"dapat hayaan mo na lang; huwag kang maka-offend kaninuman."* Mateo 23:25-27 ______________________________________________

   Tito 1:5, 9-13 ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

6. May karapatan ka bang sabihan ang iba kung ano ang dapat nilang gawin? 2 Timoteo 4:2-4 ______________________

   ______________________________________________________________

**PAG-ISIPAN**

*Sa mga naunang generasyon, hinahanap ng mga tao ang katotohanan at naniniwala silang matatagpuan lang ito sa Biblia.*

*Ngayon, maraming nagsasabi na ang bawat isa ang siyang gumagawa ng sarili nilang katotohan. Hindi sila naniniwala na ang ganap na katotohanan ay nag-eexist.*

*Ngayon, ang mahalaga ay hindi sa kung ano ang totoo kundi ang hayaan na lang ang bawat isa anuman ang paniniwala nila. At ito ay naging isang bagong relihiyon na ng marami.*

*Ang kabaligtaran nito, ang bagong relihiyong ito ay hindi pinalalampas ang mga sumasalungat sa kanila o bumabatikos sa kanilang pagdodominante sa modernong kaisipan ng tao.*

Ano ang masabi mo sa mga kapahayagan sa itaas?


______________________

______________________

______________________

______________________

**LUMALAGONG MATATAG**



**Basahin ang Hukom 1-7**
(one chapter per day).

**Kabisaduhin ang 2 Tim 4:2**

*Ipangaral mo ang salita ng Diyos; pagsikapan mong gawin iyan napapanahon man o hindi. Himukin mo at pagsabihan ang mga tao, at palakasin ang kanilang loob sa pamamagitan ng matiyagang pagtuturo. (MBB05)*

7. Basahin ang Galacia 6:1. Paano mo sasagutin ang mga nagsasabing, "kung kaibigan kita, kailangang tanggapin mo ako kung sino ako nang hindi ako hinahatulan."?

   ________________________________________________________

   Sa kadahilanan ngang ikaw ay kaibigan nila, kaya kailangan mong sabihin ang katotohanan ng may pag-ibig dahil ikaw ay nagmamalasakit sa kanila at ninanais mong sila ay maipanumbalik sa Dios. Hindi uubrang hindi ka magmalasakit sa kaibigan mong nagkakasala. Ang makakapagsabi lang ng "wala akong pakialam sa ginagawa mo, problema mo yan" ay ang mga taong hindi ka itinuturing na kaibigan.

   ***Efeso 4:25 "Dahil dito, itakwil na natin ang pagsisinungaling at tayong lahat ay magsabi ng totoo sa isa't isa, sapagkat tayo'y bahagi ng iisang katawan."***

**SURIIN MO ANG IYONG SALOOBIN**

8. Ano ang dapat na saloobin mo kapag nakikitungo ka sa isang nagkakasala o sa isang mayroon kayong hindi pagkakasundo?

   Galacia 6:1 ____________________________________________

   Efeso 4:2 ______________________________________________

   Colosas 3:12-13 ________________________________________

   Ang pagpapaubaya na tinatanggap na lang ang lahat ng uri ng pag-uugali ay mali. Subalit hindi ito nagbibigay laya sa atin upang hatulan ang iba o maging hindi mabait sa kanila. Nananawagan ang Dios na magtiisan tayo sa isa't isa, maging mabait, mahinahon, at mapagpakumbaba dahil tayong lahat ay nagkakamali pa rin. Sa pag-ibig, tayo ay nagpapatawad upang hindi tayo maging hambog o bitter. Kinapopootan natin ang kasalanan subalit minamahal natin ang mga makasalanan.

**LEGALISMO**

May mali sa ideya na anumang iglesyang may mga panuntunan ay legalista. Ngunit paano natin maipapaliwanag na ang Bagong Tipan ay punong puno ng batas at mga pinagbabawal? Ang mga panuntunan ay makakatulong o makakasakit sa iglesya subalit ang tunay na legalismo ay iba naman.


Ang mga legalista ay iniisip na mas mainam pa sila kaysa iba. Dahil sumusunod sila sa mga panuntunan na kinikilala nilang kailangang gawin upang maging espiritual. Katulad na lang ng mga Fariseo, May sinasabi silang: "Salamat Dios ko, na hindi ako katulad nila." Sinusukat nila ang pagiging espiritual nila ngunit hindi ang panloob nilang katwiran, sa pamamagitan ng kanilang kakayahang tuparin ang listahan ng mga panlabas na panuntunan. Sa kanilang sariling kagagawan, nagpapakita sila ng panlabas na anyo ng kabanalan. Inaakala nilang ang pinakamainam na paraang udyukan ang iba ay ang pahiyain sila.

Walang masama sa mga panuntunan. Ang problema ay ang puso ng mga legalista na nagtitiwala sa sarili nilang katwiran imbis na dumepende sa Banal na Espirito na magbubunga sa kanila ng banal na pamumuhay. Ang isang espiritual na Cristiano ay umiiwas sa maraming bagay hindi dahil sa baka hindi sila makapunta sa Langit kundi dahil sa, ang mga bagay na iniiwasan nila ay hindi makakapagpalakas sa kanila. Nagnanais siya na ang loob niyang pamumuhay ay nakaayon sa kalooban ng Dios. Ang paraan niyang udyukan ang iba, ay ang hamunin sila sa banal na pamumuhay, hindi para ipahiya sila.

**DALAWANG PAGIGING EXTREME NA DAPAT IWASAN**

- Ang paghatol sa iba: Ang pagtingin sa iba ng may pangungutya. Kulang sa pag-ibig at kagandahang -loob.
- Pagpayag o pagpapaubaya sa lahat ng bagay: takot makasakit ng iba, "Sino ako para humatol?" Ang parehong extremes ay nagpapakita ng kakulangan sa pag-ibig at kakulangan ng pagmamalasakit sa iba.

***Note:*** *May mga panahong kailangan nating tumayo laban sa kasamaan o kasalanan. Ang iglesyang nagpapaubaya sa kasalanan ay hindi makakaasa na mararanasan nila ang pagpapala ng Dios sapagkat "…Napapaalsa ng kaunting pampaalsa ang buong masa" 1 Corinto 5:1-2, 6. Upang makapag-aral pa ng higit patungkol sa "church discipline, tingnan ang Mateo. 18:15-17; Gal. 6:1-2; 2 Cor. 2:5-11; 2 Thess. 3:14-15; 1 Tim. 5:20; at Gawa 5:1-11 ng nasa konteksto.*



**Step 2**

# Hindi Ko Ramdam Ang Pagiging Bagong Nilalang

*Sagutin ng Tama (T) o Mali (M)*

______ *Kung hindi mo nararamdaman ang pagiging bagong nilalang kay Cristo , maaaring hindi ka nga isang bagong nilalang.*

______ *Ang tunay na kalayaan ay ang piliin mong maging lingkod ng Dios.*

______ *Ang mamatay sa kasalanan ay nangangahulugang, malaya na tay-ong sundin ang katwiran imbis na ang kasalanan.*

**ANG KASINUNGALINGAN**



Maraming mga Cristiano ang nakakaramdam ng kabiguan at nasisiraan ng loob kapag nakikita nila ang kanilang mga kahinaan. Tinatanong nila, "bakit hindi ko nararamdamang espesyal ang pagtanggap ko kay Cristo? OO, ako ay ligtas, pero bakit lagi akong bumabagsak, Hindi ko ramdam na ako ay isang bagong nilal-ang." May dalawang maaaring kasagutan sa mga katanungang ito:

- Posibleng hindi talaga sila na born again. Mahalaga na pag-aralan nilang muli ang kanilang "pagbabagong loob" (conversion). Naunawaan ba nila talaga ang ebanghelyo o ito ay emosyon lang?Sila ba ay na pressure lang na tanggapin si Cristo?
- Sa araling ito, sasaliksikin natin ang isa pang posibilidad na dahilan. May posibilidad na kapag ang isang mananampalataya ay nakita ang kanyang kamalian,nakakaramdam siya ng pag-aalinlangan kung siya ba ay tunay na ligtas na. Kung alam naman niyang siya ay tunay na ligtas na, nag-aalinlangan naman siya kung posible ba talagang magkaroon ng tagumpay na hinahanap-hanap niya sa kanyang buhay. Ang araling ito ay haharapin ang kasinungalingan na ang ating emosyon ay mabuting batayan o sukatan ng ating espiritual na kalagayan. Mas mainam na tingnan natin ang sinasabi ng Biblia patungkol sa bagay na ito.

**ANG KATOTOHANAN: Roma 6: 3-14**

Ang problema sa pagdepende sa emosyon ay ang ito ay hindi maaasahan. Anuman ang sinasabi ng emosyon mo sa iyo, tutulungan tayo ng Roma 6 na suriin ang mga bagay at unawain ang katotohanan tungkol sa iyong kalagayan kay Cristo. Ang Roma 6 ay may tatlong mahalagang kaisipan na magbibigay linaw sa mga bagay-bagay: Alamin (know) v.3-10; Isaalang-alang (consider) O ibilang (reckon) v.11; Ihandog (present/offer yourself) v. 12-14.

1. **KILALANIN.** Kapag may nagtatanong kay Pablo, kung ang isang Cristiano ba ay pwedeng magpatuloy sa pagkakasala, ano ang kanyang sinasagot? v. 1-2

   ______________________________________________

   Ano ang ibig sabihin na patay na sa kasalanan? Patuloy na basahin ang Roma 6.

2. Basahin ang talatang 2-10. Ano ang mga salita o konsepto na inuulit-ulit ______________________

   ______________________________________________

   *Ang sabi ng iba, ang bautismo na binanggit sa v.3-4 ay tumutukoy sa bautismo sa tubig; subalit ito ay nagpapahiwatig na ang isang tao ay hindi ligtas hanggat hindi siya nababautismuhan sa tubig. Ang Biblia ay nagtuturo na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya lamang, hindi sa gawa kabilang na dito ang pagpapabautismo. Ang iba naman ay naniniwala na ang mga talatang ito ay tumutukoy sa bautismo sa Banal na Espirito na nagpapakilala sa atin na tayo ay kabilang sa katawan ni Cristo nung tayo ay nagbagong-loob (1 Corinto 12:13). Kung tayo ay nananampalataya na, tayo ay kasamang namatay, nalibing at nabuhay na mag-uli ni Cristo. Ang bautismo sa tubig ay sumisimbolo sa kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli sa bagong buhay.*

3. Ano ang dapat nating **KILALANIN**? v. 5-6 ______________________________

   ______________________________________________

   STOP *Pagbulay-bulayan natin ang kahalagahan ng salitang "kung" sa v. 5. Ito ba ay mahalaga? Bakit?*

4. Ano ang kaibahan ng KILALANIN at **ITURING** (CONSIDERING) o **IBILANG** (RECKONING) na tayo ay patay na sa kasalanan at buhay tayo sa Dios? v. 11 ______________________________

   Ang salitang "**ituring**" o "**ibilang**" ay mahalaga. Kung tayo ay naniniwalang walang nabago, wala ngang mababago.
   Kung tinuturing natin ang ating mga sariling patay na sa kasalanan at buhay sa Dios, dumadaan tayo mula sa teorya tungo sa realidad. Sinasabi nating, "naniniwala akong totoo ito dahil sinabi ito ng Dios!" Ipinapakita nito ang pagbabago ng pag-iisip. Tingnan natin ang ating mga sarili sa paraan na tinitingnan tayo ng Dios. Ang kaalamang walang pananampalataya ay minamaliit lang ang halaga nito. Tinatanggap ko ang aking kalagayan kay Cristo sa pananampalataya, kahit na hindi ko ito nararamdaman. Tinatanggap ko ang tinapos na gawa ni Cristo upang maging posible na ako ay maging isang bagong nilalang, bagong tao na sinabi ng Dios na ako nga.

**MAHALAGA ANG URI NG ISIPANG MAYROON KA.**




Ang lahat ay pwedeng malaman ang tungkol sa bagong buhay subalit kung hindi nya ito isasaalang-alang na maging isang bagong nilalang, walang pagbabagong mangyayari. Maraming nagsasabi na naniniwala sila sa katotohanan subalit namumuhay na para itong kasinungalingan



Ang taong ito ay nakatutok sa kung ano ang sinasabi ng Dios tungkol sa kanya…

Kinikilala niya na siya ay patay sa kasalanan at buhay sa Dios kahit na iba ang sinasabi ng kanyang nararamdaman. Nagpasya siyang ihandog ang bawat bahagi ng kanyang katawan sa Dios sa bawat pagkakataon.



**LUMALAGONG MATATAG**

**Basahin ang Hukom 8-14** (one chapter per day).

**Kabisaduhin ang Roma 6:11**

*"At dahil nakay Cristo Jesus na kayo, ituring ninyo ang inyong mga sarili na patay na sa kasalanan at nabubuhay na para sa Dios." (ASND)*

- *Kapag may nagsabing: "hindi ko maramdaman na ako ay isang bagong nilalang," tanungin mo sila ng: "Ano ang mas maaasahan, ang nararamdaman mo o ang sinasabi ng Dios?"*
- *Ibinibilang mo ba ang iyong sarili na patay na sa kasalanan at buhay naman sa Dios?*
- *Isipin mo kung paano ang iyong buhay ay mababago kung lagi mong sasabihin sa iyong sarili tuwing umaga at gabi na: "ibinibilang ko na ang aking sarili na patay sa kasalanan at buhay sa Dios, kahit sa mga panahon na hindi ko ito nararamdaman sa sarili ko."*

5. **IHARAP MO ANG IYONG SARILI o IHANDOG MO ANG IYONG SARILI:**

Ang mga talata 12-14 ay nagbanggit ng pakikibaka para sa iyong isipan. Hahayaan mo bang ang masamanag hilig ng kasalanan ay kontrolin ang iyong buhay, o may ibang alternatibo pa? Ano ang dalawang alternatibong binanggit sa v.13? ____________________

____________________________________________

6. Magbigay ng mga halimbawa kung paano mo iaalay ang bahagi ng iyong katawan sa Dios. v.13 ____________________

____________________________________________

- *Isipin mo ang mga panahong pinagamit mo ang mga bahagi ng iyong katawan sa kasalanan*
- *Isulat mo sa ibang papel ang mga tiyak na pamamaraan na ninanais mo na ihandog ang mga bahagi ng iyong katawan sa Dios upang maging instrumento Niya sa paggawa ng matuwid.*

7. Ano ang 2 alternatibong paraan na gamitin ang ating katawan na binanggit sa v. 16

____________________________________________

Ngayon, tayo ba ay alipin o tayo ba ay malaya? ____________________

Taliwas sa nakalakihan nating paniniwala na ang ganap na kalayaan ay hindi umiiral. Tayo ay laging nasa ilalim ng kapamahalaan ng iba. Imposible na maging malaya sa pagka-alipin sa kasalanan nang walang pagsuko ng ating mga sarili bilang alipin sa isang mas mataas na pamamahala. Upang maging malaya, kailangan nating isuko ang ating sarili na maging alipin sa katwiran. Ang tanging kalayaan na mayroon tayo ay ang mag desisyon kung kanino natin ipapailalim ang ating mga sarili. Siyempre, kapag tayo ay sumuko at sumunod sa Dios, tayo ay magiging malaya sa kapangyarihan ng kasalanan (v.17).

8. Ano ang 2 resulta na nabanggit sa magkasunod na talata?

v. 21, 23 ____________________

v. 22 ____________________

**REVIEW**

• **Kilalanin** mo na nang tinanggap natin si Cristo, ang dati nating pagkatao ay patay na, at ang bagong pagkatao natin ay isinilang na.

• **Ibilang** (reckon) nating patay na tayo sa kasalanan at buhay tayo sa Dios. Kung hindi, ang kasalanan ang laging mangingibabaw sa ating buhay. Kailangang maunawaan natin kung sino tayo. Lagi nating isipin at paniwalaan na ang mga sinasabi ng Dios ay totoo, kahit hindi natin ito nararamdaman pa.

• **Iharap o Ihandog** ang mga bahagi ng ating mga katawan sa Dios at hindi sa kasalanan. Kailangan tayong magpasya kung ano ang ating paglilingkuran; kasalanan o katwiran? Paglilingkuran ba natin ang Dios o ang ating mga sarili?

***Panalangin:*** *Panginoon, alam mo pong ako ay nakikipag struggle sa kasalanan at madalas nag-aalinlangan na posible itong mapagtagumpayan. Habang hindi ko pa po lubusan itong nauunawaan, nananampalataya akong dinedeklara ko na ako ay patay na sa kasalanan at ayoko na itong sundin kahit kailan. Tinatanggap ko ito sa pananampalataya dahil sinabi mo itong totoo. Panginoon, inihahandog ko po ang aking buong buhay sa iyo, ibinibigay ko ang aking kamay, bibig, paa, tenga at higit sa lahat ang aking puso at isipan. Nagpapasya akong isuko ang aking buhay sa iyo araw-araw. Amen*



Step 3

# Mga Mapagkunwari sa Iglesya

*Sagutin ng Tama (T) o Mali (M)*
*_____ Lahat ng Cristiano ay mapagkunwari.*
*_____ Walang perpektong iglesya*
*_____ May mga tao sa iglesya na hindi totoong mananampalataya.*

**ANG REKLAMO**

May ilang nagsasabing, "ang lahat ng Cristiano ay mga mapagkunwari o ipokrito; hinahatulan nila ang iba pero mali din naman ang ginagawa nila. May mga mangangaral na ginagamit ang kanilang posisyon upang kontrolin at samantalahin ang mga tao, kinukuha nila ang pera ng mga mahihirap habang sila ay nabubuhay sa karangyaan. Nakakalungkot na may mga ganitong kaso at ang mga akusasyong ito ay totoo. Ang ganitong uri ng pagkukunwari ay malaking katitisuran na nagbibigay dahilan sa iba upang tanggihan ang Dios.

**SI JESUS AT ANG MGA MAPAGKUNWARI**

1. Sinita ni Jesus ang mga Fariseo at mga tagapagturo ng kautusan sa Mateo 23, Ano ang resulta ng kanilang pagkukunwari? v. 13 ____________________

   Ano ang pangunahing problema ng mga mapagkunwari? v. 23, 28 ____________________

   Maingat nilang pinapanatili ang kanilang panlabas na anyo, ngunit kasabay nito, ang kanilang mga puso ay puno ng kasamaan. Kaya ang resulta nito ay naakay nila ang iba sa kasamaan at paghatol. Ganito din ang mangyayari kapag ang mga Cristiano ay hindi namuhay ayon sa kanilang pananampalataya.

   - Maraming umaalis sa church dahil sa mga pagkukunwari at paimbabaw na nakikita nila sa loob nito. Tinatanggihan nila si Cristo dahil natisod sila sa mga Cristianong kilala nila.
   - Ang iba naman na mga Cristiano ay nahulog na din sa patibong ng pagiging mapagkunwari dahil sa nakikita nila sa kapwa mananampalataya.

2. Maaari bang may mga taong nagsasabing naglilingkod sila sa Dios pero hindi mga tunay na nagbagong-loob (converted)? Mateo 7:21-23 Oo ❏ Hindi ❏

   Paano natin makikilala ang mga tunay na Cristiano? v. 21 ____________________

**LAHAT BA NG CRISTIANO AY MGA MAPAGKUNWARI?**

3. Paano natin sasagutin ang mga nagsasabing lahat ng Cristiano ay mga ipokrito? ____________________

   ____________________

   Ito ay kalahating totoo (half-truth). Sa ibang banda ito ay totoo sapagkat lahat tayo ay may mga pagkakataong nagkunwari kahit na ito ay hindi naman normal sa ating pamumuhay. Kung ating mauunawaan na ang iglesya ay isang pagamutan para sa mga makasalanan, Hindi dapat tayo mabigla na makitaan natin ng pagkakamali ang mga iba na nasa proseso ng pagpapagaling, kung paanong lahat tayo ay dumadaan pa dito.

4. Napakahalaga na kilalanin natin kung sino ang mga mapagkunwari at ang mga Cristiano na minsan ay nagkakasala pa rin.

   Ang Mapagkunwari: Ano ang pamumuhay ng isang mapagkunwari? ____________________
   Sa publiko mistula siyang Cristiano pero sa pribado at maaaring sa ibang lugar ay iba naman ang kanyang mga ginagawa. Maaaring hindi pa siya nagbabagong-loob. Ang iba ay mananampalataya na, subalit kailangan idisiplina sila sa kanilang pamumuhay.


   Ang Tapat na Cristiano: ❏ Hindi na nagkakasala. ❏ Kinikilala at inaamin ang kasalanan ❏ Naniniwalang mas mabuti pa siya kaysa sa iba ❏ Nakikipagbaka pa rin sa pagiging likas na makasalanan. Dahil hindi pa perpekto ang pagkacristiano.
   ❏ Isang makasalanang naligtas dahil sa biyaya ng Dios at may pagkakataong nagkakasala pa.

   *Ang taos-pusong Cristiano ay tinutularan si Cristo sa publiko at pribadong pamumuhay. Gayon pa man, siya ay makasalanang naligtas dahil sa biyaya ng Dios. Kapag bumagsak; umaamin sa pagkakasala, humihingi ng tawad at nagpapatuloy sa paglago. Ipinapakita niya kung sino talaga siya at hindi pinagtatakpan ang kaniyang pagkakamali, hindi siya naninisi ng iba dahil sa kanyang pagkakamali o nagdadahilan sa kanyang pagkakamali. Kahit si Apostol Pedro ay nahulog sa pagkukunwari, at kinakailangang sitahin ni Pablo sa kanyang ginawang pagpapaimbabaw (Galacia 2:11-14)*

**PATOTOO NG BIYAYA NG DIOS**

Si John Newton ay isang masamang tao, kapitan siya ng isang barko na nagbebenta ng mga alipin noong 18th century. Sa kabila ng napakalaki niyang kasalanan, tinubos siya ng biyaya ng Dios at pagkatapos noon ay isinulat niya ang tanyag na imnong "Amazing Grace." Pagbulayan ang kanyang mga salitang sinabi niya:

*"Hindi ako ang dapat na ako,*
*Hindi ako ang gusto kong maging ako,*
*Hindi ako ang nais kong maging ako sa kabilang mundo,*
*Ganunpaman, hindi na ako ang dating ako*
*at dahil sa biyaya ng Dios*
*Ako ay ako."*



**LUMALAGONG MATATAG**

**Basahin ang Hukom 15-21**
(one chapter per day).

**Kabisaduhin Mateo 6:1**

*"Mag-ingat kayo at baka ang paggawa ninyo ng mabuti ay pakitang-tao lang. Sapagkat kung ganyan ang ginagawa ninyo, wala kayong matatanggap na gantimpala mula sa inyong Amang nasa langit." ASND*

**MGA KAISIPAN TUNGKOL SA MGA TAPAT NA CRISTIANO**

5. Basahin ang mga salitang binanggit ni John Newton sa kaliwang column. Ano ang nais niyang sabihin sa atin? ______________________________

6. Ano ang paanyaya ni Cristo sa Mateo 11:28?______________________________

______________________________

Ang iglesya ay hindi para sa mga perpekto kundi para sa mga mahihina at nangangailangan ng pagpapalakas katulad ng isang rehab center na tumutulong sa mga naghihirap sa kanilang espiritual na karamdaman. Hindi tayo dapat nabibigla na makakita ng mahihina sa iglesya, kundi dapat tayo ay nahihikayat na maging maawain at magandang loob na tumulong sa kanila dahil alam nating tayo rin mismo ay nabubuhay lang sa biyaya ng Dios.

7. Ano ang layunin ng ating mga pagtitipon kasama ang ibang mga mananampalataya? Hebreo 10:24-25 ______________________________

8. Ano ang ginawa ng mga unang Cristiano sa kanilang pagtitipon? Gawa 2:42, 46-47

______________________________

9. Ano ang nagpapakilala sa isang tunay na anak ng Dios? Juan 13:34-35 ____________

______________________________

10. *Mga hakbang ng isang tapat na Cristiano:*
   - Siguraduhin mong ang sinusunod mo ay si Cristo hindi ang tao. Kapag ito ang ginawa mo, hindi ka panghihinaan kapag nakikita mong nagkakamali ang iba.
   - Siyasatin mo ang iyong sarili at aminin ang iyong kasalanan upang walang matitisod sa iyo.
   - Tuligsain mo ang mapagpakunwari, Kalabanin mo ito sa pagtuturo, pagpapaalala at pag disiplina.
   - Huwag kang matakot kung maakusahan kang ipokrito. Gamitin mo itong pagkakataon para siyasatin ang iyong sarili at ihingi ito ng tawad at magpatuloy ka sa paglago. Huwag mong hayaang mahadlangan ka ng pagkakasala. Kapag may nakitang kang pagkukunwari, tingnan mo ang mga tapat na Cristiano, hindi ang mga ipokrito. Magbulay sa mga buhay ng mga nagtagumpay sa pananampalataya na nabuhay sa gitna ng mundong napapaligiran ng kasalanan.
   - Dumepende sa Banal na Espirito na gumagawa ng bunga at nag-aalis ng mga gawa ng laman sa iyong buhay. Galacia 5:16-22
   - Paano ka tinitingnan ng mga ibang tao? Hilingin mo silang magsabi ng totoo sa iyo.

STOP *Kailangang bantayan natin ang ating patotoo, Anong uri ng mensahe ang ating pinaparating sa iba? ❑ Ang buhay ko ay umaakit sa ibang taong lumapit kay Cristo ❑ Minsan, nagiging katitisuran ako.*

*Nasabihan ka na ba ng ibang mga tao na ipokrito/mapagkunwari ka? Ipaliwanag*

**Babala sa mga tumatanggi sa Iglesya dahil "puno ito ng mga mapagkunwari."**

Para sa mga Cristiano:

- Mawawala ba ang problema mo pag umalis ka sa iglesya. Maging totoo ka. Kung inaakala mong may mas mabuting inaalok ang mundo baka magulat kang puno pala ito ng kapaitan.
- Tumutok ka kay Cristo, huwag sa mga tao.
- Huwag mong ayawan ang mensahe dahil lang sa mensahero. Ang katotohanan ay katotohanan, kahit pa pumalpak ang iba.
- Mayroon at laging magkakaroon ng mga ipokrito sa iglesya, pero hindi ito rason para hindi ka maging tapat. Kung ikaw ay manlalamig sa Panginoon hindi ito dahil sa ibang tao kundi dahil sa iyo. Kaya, mag-ingat ka! Huwag mong hayaang linlangin ka ng kaaway dahil sa sinisisi mo ang ibang tao.

Para sa mga hindi sumasampalataya:

- Tumingin ka kay Cristo huwag sa tao. Oo may mga ipokrito sa iglesya pero si Cristo ay hindi isa sa kanila.
- Magbantay ka, baka mapunta ka sa walang hanggang kasama ang mga ipokrito.
- Ano ang totoong dahilan mo sa iyong pagtanggi? Totoo bang dahil sa mga sinasabi mong mapagkunwari o dahil ayaw mo lang talagang sumuko sa pamamahala ni Cristo sa buhay mo? Juan 3:19-20
- Nag-aalok si Cristo ng pagpapatawad, buhay na walang hanggan, at mainam na buhay sa iyo. Desisyon mo kung tatanggapin mo ito. Huwag mong hayaang ang pagkakamali ng iba ang magdala sa iyo sa maling landas. Huwag mong tanggihan ang mensahe dahil lamang sa mensahero



## Step 4 **Machismo**

### (Ang Pagmamataas ng mga Kalalakihan)

*Sagutin ng Tama (T) o Mali (M)*

______ *Ang papel ng mga lalaki ay mangibabaw sa mga babae.*

______ *Ang pagiging lalaki ay hindi lang pribilehiyo kundi responsibilidad.*

______ *Ang pangunahing gawain ng mga asawang lalaki ay ang mahalin ang.kanilang asawa.*

**SINO ANG TUNAY NA LALAKI?**

*Ihambing ang dalawang hanay at markahan ang mga katangian na nararapat sa tunay na lalaki.*

| | |
|---|---|
| ❏ Tigasin at hindi umiiyak...................................................... | ❏ Malakas pero malambot; marunong magpakita ng kanyang nararamdaman |
| ❏ Hindi umaasa kanino man kundi sa kanyang sarili lang ...... | ❏ Humihingi ng tulong sa iba kapag kailangan niya, mapagpakumbaba. |
| ❏ Ang tingin sa mga babae ay mababa ................................ | ❏ Mayroong pantay na pagpapahalaga at respeto sa babae. |
| ❏ Seloso at makontrol sa kanyang asawa ............................. | ❏ Nagtitiwala sa kanyang asawang babae sa paggawa ng desisyon. |
| ❏ Humihinto na sa pakikipagtalik kapag nasiyahan na .......... kahit ang asawang babae ay hindi pa | ❏ Pinasasaya ang asawang babae sa pakikipagtalik. |
| ❏ Lasenggero ........................................................................ | ❏ Marunong magkontrol sa sarili at alam kung kailan siya hihinto |
| ❏ Babaero ............................................................................ | ❏ Kayang magmahal at maging tapat ng isang babae lang. |
| ❏ Gumagamit ng mga babae para makapagpatawa ............. | ❏ Nakokontrol niya ang kanyang dila at pinagtatangol ang kababaihan. |
| ❏ Sumasama ang loob at naghihiganti ................................., | ❏ Pinapatawad ang kanyang mga kaaway. |
| ❏ Mananahimik na lang kesa madamay pa sa kaguluhan ....... | ❏ Naninindigan nakikipaglaban laban sa kasamaan. |
| ❏ Sumasabay sa takbo ng mundo o karamihan ..................... | ❏ Hindi sumasabay o sumusunod sa takbo ng sanlibutan. |
| ❏ Siya lang ang gumagawa ng lahat ng desisyon sa pamilya .. | ❏ Matalino at hinihingi ang opinyon ng asawa bago mag desisyon |
| ❏ Mayabang at mapagmataas ............................................... | ❏ Mapagpakumbaba at naglilingkod sa ibang tao. |
| ❏ Minamaltrato at sinasaktan ang asawang babae ............... | ❏ Nagmamalasakit at kinamumuhian ang pang-aabuso at pananakit ng kapwa. |
| ❏ Sinisisi ang iba dahil sa mga problema niya ........................ | ❏ Tinatanggap ang kanyang responsibilidad at humihingi ng tawad. |
| ❏ Nandaraya para lang makalamang o manalo ..................... | ❏ Laging nagsasabi ng katotohanan kahit na masakit ito o may kapalit. |
| ❏ Bossy o palautos ............................................................... | ❏ Pinalalakas ang iba para umunlad at marunong magkusa. |

Ang mga machismo ay mapagmalaki at nagpapakita ng ugaling mapagmataas lalo na pagdating sa mga kababaihan. Nakakalungkot, na maraming kalalakihan ang bagsak ang pagkatao dahil iniwan ang kanilang responsibilidad at nagpabaya na lang sa paraan ng pagkontrol at pang-aabuso nila sa kababaihan. Nag-iisa lang sila, walang nagmamahal, kaawa-awa imbis na kahanga-hanga.




Maaaring nasasabi mong hindi ka naman ganoon ka-sama. Subalit, kailangang makita natin na ang pananaw na ang mga kalalakihan ay mas makapangyarihan kaysa sa mga kababaihan maging sa kanilang mga anak ay nagdudulot na ng malaking problema sa ating lipunan. Kailangang itigil na natin ang ganitong pananaw at magsimula tayong pakinggan ang salita ng Dios. Nawa, ang araling ito ay makatulong sa ating makita kung ang ating mga ugali ay karapat-dapat tawaging "Cristianong lalaki".

**ANG TUNAY NA LALAKI AY MATAPANG SUBALIT MAGINOO**

Si Jesus ay matapang. Sinawata niya ang mga nagtitinda sa temple, hinarap ang mga Fariseo, tiniis ang hirap at sakit ng pagkapako niya nang walang panlalaban. Ganunpaman, nakita natin siyang umiyak sa pagkamatay ni Lazaro, naglaan ng oras sa mga bata, nagpagaling ng mga maysakit, pinahalagahan ang mga kababaihan, nagkaroon ng kahabagan sa maraming tao, at doon sa krus ay hiniling ang Ama na patawarin ang mga nagpahirap sa kanya.

1. Paano ipinakita ang katapangan at katatagan ni Pablo sa 2 Corinto 11:23-27? ______________________________

   ____________________________________________________________

   Ganunpaman, ang pagmamalasakit niya ay para sa iba hindi para sa kanyang sarili (v. 28-29).

   Matibay siya, pero anong pamumuhay ang ipinamanhik niya na magkaroon ang mga mananampalataya? Colosas 3:12-13

   ____________________________________________________________

   Paano niya pinakitunguhan ang ibang mga tao? 1 Thessalonica 2:7-8 ______________________________

**ANG RESPONSABLENG PANGUNGUNA NG MAY PAG-IBIG**

2. Kapag binabasa ng mga lalaki ang Efeso 5:22-28, 33, binabasa niya ba ito ng iba sa pananaw ng mga babae? Ipaliwanag

   ____________________________________________________________




Ang pagtulong ba ng mga lalaki sa asawa nila sa gawaing bahay ay nagpapababa ng pagka-lalaki?

**PAG-ISIPAN ITO**

Ano ang tingin mo sa mga sumusunod na pangungusap?

- *Maging protective, pero hindi possessive.*
- *Ang pagseselos ay mabisang paraang lumalason sa samahan. Ang lalaking kumokontrol sa asawa upang hindi siya mawala ay mawawalan nito..*
- *Dapat marinig lagi ng mga babae na mahal sila ng asawa nila . Maraming paraan pwedeng ipakita ito subalit ang isang pinakamainam na paraan ay ang simpleng pagsabi lang ng "Mahal kita o I love you". Ang isa pang paraan ay ang pakinggan sila kapag sinasabi nila kung ano ang saloobin nila.*
- *Ang machismo ay talagang problema ng ating lipunan hanggang ngayon. Ito ba ay nakikita pa rin sa samahan ng mga Cristiano? Magbigay ng mga halimbawa.*



**LUMALAGONG MATATAG**

**Basahin ang 1 Timoteo 1-6, At Filemon** (one chapter per day).

**Kabisaduhin Efeso 5:25**

*"Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa, tulad ng pagmamahal ni Cristo sa kanyang iglesya. Inihandog niya ang kanyang sarili para sa iglesya."*

3. Ano ang sinasabi sa Efeso 5:21 patungkol sa mga lalaki at babae? ____________________
____________________________________________________________

4. Ano ang inutos sa mga lalaki ayon sa v. 25 and 28? ____________________________
Paano niya dapat mahalin ang kanyang asawang babae? v. 25 ______________________

5. Ano ang ibig sabihin ng pagiging ulo ng babae? Efeso 5:23-24 Tingnan ang ibaba:

   **Ito ay:** Ang pagiging ulo ay hindi dahil sa ito ay pribilehiyo kundi ito ay mas dapat tingnan bilang responsibilidad. Ito ay nagpapakita ng pagiging responsable at mapagmahal na lider. Ang kahulugan nito ay mahalin ang asawang babae gaya ng pag-ibig ni Cristo sa Iglesya at kung paano Niya inihandog ang Kanyang sarili para dito. (v. 25-26). Ang asawang lalaki ay sinasakripisyo ang kanyang sarili para sa kanyang asawang babae. Pinapalakas niya ito sa pamamagitan ng kanyang pag-ibig, iginagalang siya, at ibinibigay ang kanyang kagustuhan (Fil. 2:3-4).

   Siya ay lingkod na gumagabay sa kanyang pamilya tungo sa katwiran. Kung siya ay matalino, nakikinig siya sa asawa niya at binabahaginan niya ito ng responsibildad. Gumagawa silang magkasama imbis na nagpapaligsahan sa isa't isa.

   **Ito ay hindi:** Ito ay hindi kumpetisyon o pagmamataas para dominahan ang asawang babae,, durugin siya o manipulahin siya, kundi ito ay para gabayan siya. Hindi siya diktador na ipagpipilitan niya na siya ang may kontrol o dapat na pinaglilingkuran ng lahat.. Hindi niya tinitingnan ang asawa niya na walang kayang gawin, mahina o hindi mahalaga. Hindi siya ang gumagawa ng lahat ng desisyon o kumokontrol sa lahat ng bagay.

6. Sa iyong opinyon, ilang porsyento ng mga lalaki ang tunay na lider sa kanilang mga tahanan? ______% Maraming mga lalaking tinitingnan lang na responsibilidad nila ay ang buhayin ang pamilya sa pagtratrabaho nila.Ang isang machismo ay hindi tumatayong lider sa pag-aalaga o pagdidisiplina ng mga anak, hindi rin nagmamalasakit sa damdamin ng kanyang asawa, o sa pagdepensa sa kanyang tahanan laban sa masasamang impluwensya sa paligid. Kabaligtaran lahat ang ginagawa niya, gusto ng pribilehiyo pero ayaw ng resposibilidad, gustong igalang pero ayaw magmahal. Iilan lang ang mga lalaki na tumatayo bilang tunay na lider ng kanilang mga tahanan. Ang tunay na pangunguna ay nangangailangan ng pagtalikod sa sarili.

7. Kung ang asawang lalaki ay responsableng lider na kumakalinga sa kanyang asawa gaya ni Cristo na nagmamahal sa Kanyang Iglesya, mahihirapan pa bang magpasakop ang asawang babae sa kanya o sumunod sa pangunguna niya? ________________________

***Mga asawang lalaki:***

- *Balikan ang 2 column sa naunang pahina upang ang mga bagay na inakala mong katangian ng isang tunay na lalaki ay taliwas pala sa tunay na kahulugan nito.*
- *Hilingin ang iyong asawa na magbigay ng kanyang opinion sa tanong sa 5. Makinig ng may pagpapakumbaba sa kung ano ang sasabihin niya. Mag-ingat ka upang hindi mo ma kontrol ang magiging sagot niya.*
- *May mga pagbabago bang kailangan mong gawin? Isulat sa hiwalay na papel kung ano ang mga bagay na iyon.*

***Asawang babae:***

- *Ang machismo ay hindi lamang problema ng mga lalaki, kundi ng mga babae din. Naging kultura na natin na tanggap ng mga kababaihan ang ganitong pamumuhay ng mga lalaki at tinuturuan pa ang kanilang mga anak na sumunod dito kahit na ito ay taliwas sa ipinapakita ng biblia. Pag-isipan mo kung ano ang iyong pananaw tungkol dito.*
- *Ibahagi sa iyong asawa ang damdamin mo tungkol sa listahan sa simula ng pag-aaral na ito. Maging totoo ka na ibahagi kung ano ang nararamdaman mo bilang asawang babae, mabuti ba o masama?*
- *Ang pagbubunganga ay hindi nakakatulong. Nagdudulot ito ng pagiging kontrabida imbis na pakikiisa.*

***Sa mag-asawa:*** *Maging maingat. Ang dahilan ng pag-aaral na ito ay hindi ang magtalo o magaway sa inyong mga bahay. Ang layunin nito ay upang ang bawat isa ay , aminin, ihingi ng tawad at magsisi sa mga maling nagawa, magnais na mahalin ang asawa ayon sa utos ng Dios. Alalahanin natin , ang utos sa Efeso 5:21 ay ang magpasakop tayo sa isa't isa.*




## Step 5
# Mga tunay na lalaki

*Sagutin kung Tama (T) o Mali (M)*
_____ *Ang mga babae ay mas marupok at kailangang pakitunguhan ng may pagpapahalaga at respeto.*
_____ *Ang pinaka importanteng bagay para sa mga kababaihan ay magkaroon ng magagandang damit at masayang pakikipagtalik.*
_____ *Ang marunong na lalaki ay nakikinig sa asawang babae at isinasagawa ang mga panukala nito.*

**PAANO PAKITUNGUHAN ANG MGA KABABAIHAN**

1. Mga asawang lalaki ___________________ ang inyong asawa at huwag kayong _______________ sa kanila. Colosas 3:19
2. Kung ikaw ay lalaki, gumawa ng anim na paraan paano mo maipapakita ang pag-ibig mo sa iyong asawa. Kung ikaw ay babae, gumawa din ng anim na paraan na ipakita ng asawa mo ang pag-ibig niya sa iyo.
   - ______________________________ • ______________________________
   - ______________________________ • ______________________________
   - ______________________________ • ______________________________
3. Bakit kailangang pahalagahan ang pangaral ni Pablo sa Colosas 3:19 ______________________________
4. Paano sinalungat ng 1 Pedro 3:7 ang pananaw ng mga machista? ______________________________
5. Isulat ang tatlong paraan kung paano mo pakikitunguhan ang iyong asawa na may konsiderasyon at pang-unawa.
6. Ano ang ibig sabihin na ang asawang babae ay tagapagmana kasama ng kanyang asawang lalaki sa buhay na walang hanggan? 1 Pedro 3:7 ______________________
7. Ano ang mga bagay na kinakailangan upang magkaroon ng malusog na relasyon sa pagitan ng lalaki at babae? 1 Pedro 3:8 ______________________
8. Kung ang bawat asawang lalaki at babae ay ipapamuhay ang sinasabi sa 1 Pedro 3:9; paano ito makakaapekto sa kanilang relasyon?
9. Maraming mga lalaki ang magsasabi na ang importante lang naman sa kanilang mga asawa ay magkaroon ng bahay, pagkain, damit at sex. Ano naman kaya ang sasabihin ng mga babae na pinaka-importante pra sa kanila? ______________________

**LUMALAGONG MATATAG**




**Basahin ang 2 Timoteo 1-4, 1 Samuel 1-3**

**KABISADUHIN 1 Peter 3:7**
*"Kayo namang mga lalaki, pakisamahan ninyong mabuti ang inyong asawa, dahil ito ang nararapat bilang isang Cristiano. Igalang n'yo sila bilang mga babaeng mas mahina kaysa sa inyo, dahil binigyan din sila ng Dios ng buhay na walang hanggan katulad ninyo. Kapag ginawa n'yo ito, sasagutin ng Dios ang mga panalangin ninyo."*

**Sa katotohanan, maraming kailangan ang mga babae.**
**Mayroon 5 pangunahing bagay na kailangan ang mga babae:**

- Pagmamahal, malambing na pagsuyo, at respeto.
- Makapag-usap ng puso sa puso.
- Katapatan at pagiging transparent o malinaw. Walang tinatagong sikreto.
- Kasiguruhan: pisikal, emosyonal, ekonomikal, espiritual.
- Pagtatalaga: Kailangang ramdam niya na pinapahalagahan siya at nakatalaga ang asawa niya na panatilihin ang matatag na relasyon sa pamilya.

**MGA BAGAY NA KAILANGAN NG PUSO NG ISANG BABAE**




***Checkup para sa mga lalaki – Mga hakbang na dapat gawin***

*Ginagawa mo ba ang 5 pangunahing kailangan ng iyong asawa?* ❏ Oo ❏ Hindi

*Maupo kasama niya at tanungin siya sa mga bagay na kailangan niya. Makinig ng walang pagsingit. Huwag mong ipagtanggol ang sarili o defensive sa iyong maririnig na ayaw mo. Kailangan mo bang may baguhin sa pakikitungo mo sa kanya?* ❏ Oo ❏ Hindi. *Kung oo, ano ang mga pagbabagong kailangan mong gawin?*

________________________________________________________________________

*Isulat sa ibang papel ang praktikal na plano ng mga pagbabagong kailangan mong gawin at paano mo ito gagawin.*



**ANG KABAYARAN NG PAGIGING MACHO**

Ang machista ay nahuhumaling sa kataasan na nagdudulot sa maling pag-iisip at paghihirap sa iba, lalo na sa mga kababaihan. Ngunit, maging siya ay biktima din ng baluktot niyang pag-iisp. Maaaring iniisip ng lalaki na "lalaki siya". At nagdudulot ito sa kanya ng malaking paghihirap, tulad ng:

- Alam nyang hindi naman siya matigas katulad ng kinikilos niya. Hindi siya umiiyak pero sa kalooban nya, sa likod ng maskara, ay umiiyak siya.
- Nahihirapan siyang i-express ang kanyang damdamin. Malamig ang kanyang damdamin.
- Dahil sa hindi niya inaamin na kailangan niya ang tulong ng iba o ang damayan siya kaya lumalayo na lang siya sa kanyang pamilya maging sa mga taong malapit sa kanya. Nag-iisa lang siya.
- Naghahanap siya ng pagmamahal at pagtanggap sa mga maling lugar.
- Ayaw niya aminin na kailangan niya ang Dios kaya nabubuhay siyang malayo sa Dios.
- Kapag kinamusta siya sa personal niyang problema, tumatakas siya, humahanap ng kalinga sa kanyang mga "kaibigan" telebisyon, sa sports, trabaho, sugal, alcohol, pagkakaroon ng relasyon sa iba, atbp.
- Tumatanggi siya na tanggapin ang responsibilidad sa mga problema niya, sinisisi niya ang iba dahil sa malas na nararanasan niya. Kaya hindi siya nakakatagpo ng totoong solusyon sa problema niya.
- Namumuhay siya sa alinlangan kung sino siya at bakit siya nabubuhay.
- Pagseselos o galit ang mga paraan niya para pagtakpan ang mga kawalan niya ng tiwala. Ang pagseselos ay nalilimitahan siya sa pagkakaroon ng maayos at normal na relasyon na nakabase sa pag-ibig at pagtitiwala.
- Ang hindi pag-asenso sa buhay ay nadudulot ng lumbay, galit at kapaitan sa buhay.

10. Mga kalalakihan, kung pag-iisipan ang mga nabanggit na kapalit ng pagiging "machista", ano sa mga ito ang nakita mo ng nangyari o nangyayari sa buhay mo? _______________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Humingi ng payo kay Pastor o sa isang matatag sa pananamplatayang kaibigan. Makakatulong din kung hihingi ng payo sa isang Professional Christian Counselor.


**KAPAG ANG ISANG BABAE AY EMOSYONAL**

- *Kailangan niya ang pang-unawa at simpatiya imbis na bigyan siya ng solusyon sa problema niya.*
- *Kailangang malaman niya na ang kanyang asawa ay nakikinig sa kanya,*
- *Karamihan ng mga lalaki magbibigay agad ng solusyon kesa makinig pa.*

**Ano ang dapag gawin ng lalaki?**

- *Makinig, wag magsalita.*
- *Makinig, wag magbigay ng payo.*
- *Makinig at yakapin siya.*
- *Makinig muna dahil magkakaroon ka ng pagkakatoang magsalita mamaya kinalaunan.*





Mag-partner o Magkalaban?

### Step 6
# Ang modernong babae

*Sagutin ng Tama (T) o Mali (M)*

______ *Ang babaeng nagpapasakop sa kanyang asawa ay mawawalan ng sariling pagkakilanlan (identity)*

______ *Ang pagpapasakop ay nangangahulugan ng pagsunod nang hindi ipinapakita ang sariling damdamin o nagsasabi ng opinyon.*


______ *Ang mga modernong babae ay ipinaglalaban ang kanilang karapatan dahil ang mga lalaki ay sobrang machista.*

**ANG KONTROBERSYA**

Maraming mga iba't-ibang pananaw tungkol sa papel na ginagampanan ng mga kababaihan. Ayon sa kinaugalian, ang ulirang babae ay malinis, mahabang magtiis, hindi tumututol, at martir na nagsasakripisyo para sa kanyang pamilya. Ang tradisyonal na kababaihan ay mas higit na kinikilala sa kanyang papel bilang isang ina kaysa bilang asawa, Ang kanyang pagkakilanlan ay umiikot sa kanyang gampanin sa pamilya. Sa kaibahan, ang konsepto ng modernong kababaihan ay ang babaeng makabago at malaya. Ipinaglalaban niya ang kanyang karapatan, may kontrol sa kanyang kapalaran, at namumuhay ng malaya mula sa kontrol ng kanyang asawa, maging ng pamilya. Ano sa dalawang view na ito ang nagpapakita ng papel na ginampanan ng mga babae sa Biblia? O may iba pang pananaw?

**ANG KABABAIHAN NA IPINAKITA SA BIBLIA**

1. Basahin ang Kawikaan 31: 11-31 at guhitan sa iyong Biblia ang mga pangunahing salita na naglalarawan ng kagalingan ng isang babae. Isulat din naman sa ibang papel ang mga katangian na kinamangha mo sa mga nabasa mo.
2. Ano ang pwedeng gawin ng isang babae kung nais nyang siya ay mapapurihan/hangaan? v.30 ____________________________
3. Ang babae ba na inilalahad ng Kawikaan 31 ay mahina o hindi tumutol na babae? Bakit? ____________________________
4. Paano ba madadala ng isang babae ang kanyang asawa kay Cristo ayon sa 1 Pedro 3:1-2? ____________________________
5. Ano ang sinabi sa 1 Pedro 3:4-6 tungkol sa kung paano dapat manamit ang isang makadios na babae? ________________
   ______________________________________________________________________________________________
   Ano ang nagpapaganda sa isang babae? ______________________________________________________________
6. Ang ibig bang sabihin sa talatang 7 na ang babae ay "mas mahina" , nangangahulugan bang siya ay mas mababang tao kaysa lalaki? Ano ang ibig sabihin nito?______________________________________________________________
7. Ano ang iniutos sa Efeso 5:22-24? ______________________________________ at sa v. v. 33 ___________________________



**Ang pagpapasakop ay hindi:**

- Hindi dapat ito pinupwersa. Ang mga babae ay dapat may kusang pagpapasya na magpasakop hindi dahil takot siya kundi dahil ito ay pagsunod niya sa utos ng Dios at magbigay ng pagkakasundo sa loob ng tahanan. Ang pag pwersa ay hindi nagdudulot ng pagpapasakop kundi ng pagkaalipin; at ang buhay ng mag-asawa ay malalagay sa kabiguan at kapaitan lamang.
- Hindi ibig sabihin nito na mas mababang tao o mababang halaga ang kanyang pagkatao.
- Hindi nito pinipigilan ang mga babae na isipin ang kanyang sarili o ihayag ang kanyang sariling ideya, pangangailangan, maging ang kanyang nararamdaman.
- Hindi nito binibigyan karapatan ang mga asawang lalaki na abusuhin ang asawang babae. Inutos ng Biblia na mahalin ng mga lalaki ang kanilang asawa gaya ng pagmamahal ni Cristo sa atin. Pinagmumulan ng maling pagtrato ang paulit-ulit na pag-aaway at pagtatalo na umeepekto sa pagkasira ng buong pamilya.
- Hindi ibig sabihin nito na wala na siyang karapatan at parang basahan na lang siya ng kanyang pamilya. Hindi rin kailangang magkasala pa siya dahil lang sa pagsunod niya sa kanyang asawa,

**Paano gumagawa ang pagpapasakop:**

- Ayon sa Efeso 5:21, ang pagpapasakop ay inaayunan ng mag-asawa. Ang lalaki ay nagpapasakop din sa kanyang asawa (1 Pedro 3:7 at Filipos 2: 3-4)
- Ang pagpapasakop ay nagbibigay pahintulot sa mag-asawa na gumawang pantay, hindi magkalaban, iniisip kung ano ang makakabuti para sa buong pamilya. Sila ay parehong tagumpay sapagkat ang ganitong paggawa ay nagbibigay kapayapaan sa pamilya tuwing ninanais nila na maayos ang pagtatalo imbis na palakihin pa ito.
- Kung ang lalaki ay mamahalin ang kanyang asawa katulad ng pagmamahal ni Cristo sa Kanyang Iglesya, magiging madali para sa babae ang magpasakop. Sila ay magiging pantay na magka partner. Kung tratratuhin niya ang asawa niya ng masama, magiging mahirap para sa babae ang magpasakop.
- Ang mga lalaki ang dapat na manguna sa kanilang tahanan at ibahagi ang mga responsibilidad sa asawang babae at maging sa kanilang mga anak. Habang maraming mga lalaki ang naniniwala na sila ang tagapanguna, ang babae naman ang kadalasang tumutupad nito.
- Ang pagpapasakop ay humihikayat sa mga lalaki na igalang ang kanilang asawa. Dahil ang "Dakilang Utos" ay naka base sa pantay na pagrespeto sa isa't isa. (Mateo 7:12)

8. **PAULIT-ULIT NA PASAKIT**

Anong mangyayari kapag ang asawa ng isang babae ay hindi siya nirerespeto, hindi tumatayo bilang lider ng kanilang tahanan. O napaka-iresponsable? Ito ay nakakapagod ng damdamin at maaaring maging dahilan ng kanyang pagbubunganga at pagrereklamo para lang makuha niya ang kailangan niya. Siya na ang tatayong lider kaya magagalit ang lalaki kaya hindi na lang makikialam. At sa patuloy na pagrereklamo ng babae, lalong lumalayo ang lalaki, kaya lalo lang tumitindi ang reklamo ng babae. Nagkakaroon ito ng paulit-ulit na pasakit.




Dahil hindi kumikilos ang lalaki bilang lider, ang babae ay magrereklamo, magagalit ang lalaki o lalayas. Lalong pang magrereklamo ang babae na nagtutulak naman sa lalaki para lumayo pa lalo. Walang nanalo.

Hindi lahat ay aamin dito, subalit aminin natin at sa hindi,, kakaunting lalaki lang ang tunay na nangunguna sa kanilang tahanan. Karamihan ng mga lalaki, pababayaan na lang sa asawang babae ang mga importanteng bagay gaya ng pagpapalaki ng anak, pagpaplano sa pamilya at marami pang iba. Maraming mga lalaki gusto ang pribilehiyo ng pagiging ama ng tahanan pero hindi tinatayuan ang responsibilidad bilang lider nito. Gusto nila ng nagpapasakop na asawa, pero ang hindi nila pakikialam ay nagtutulak sa mga babae para manguna na sa tahanan, at dahil dito nagrereklamo ang mga lalaki na sila ay ina under ng kanilang asawa dahil napaka bossy.

Nakikita mo bang nangyayari ito sa iyong pamilya? ___________________________________

9. Ano ang sinasabi sa Kawikaan 21:9 at sa 27:15-16 tungkol sa epekto ng walang tigil na pagrereklamo?

______________________________________________________________________________

Ang pag rereklamo ay walang dinudulot na mabuti. Ang bunga nito ay mas matinding pagtatalo lang, paglayo sa isa't isa, maraming salitaang masakit, abusong emosyonal/pisikal. Kahit na ano pa ang mangyayari ang pananakit ng asawa ay hindi makatwiran. Ang bawat isa ay responsable sa kanya-kanyang mga reaksyon.

10. Ano ang pwedeng gawin ng mga babae para matigil na ang ganitoong paulit-ulit na pasakit na nararamdaman nya na hindi siya napapahalagahan. Ang sabi sa Efeso 4:25 itakwil na natin ang __________________ at tayong lahat ay magsalita ng __________________ sa ating mga kapwa, sapagkat tayo ay bahagi ng ____________________________________________.

Kinakailangan sa mga kababaihan na magsalita ng katotohanan ng may pag-ibig (Efeso 4:24-32). Maraming mga asawang babae na naniniwalang ang pagpapasakop ay patatahimikin lang sila, at magkukunwaring ayos lang ang lahat. Subalit ang pananahimik dahil lamang sa hindi matanggap lang na sitwasyon ay hindi pagpapasakop. Ito ay kasinungalingan. Kailangang maunawaan nila na may karapatan silang ihayag ang kanilang nararamdaman at pangangailangan. Kung hindi sila magsasalita, mas lalo lang sila ma fru-frustrate at sasabog hanggang magsimula na naman ang paulit-ulit na pasakit.


11. Pinaaalalahan tayo ng Efeso 4:29 na iwasan na ang masasamang salita, lalo na ang mga salitang nagdudulot ng pagtatalo sa pamilya. Anong uri ng mga salita ang dapat nating gamitin? ____________________________________________

12. Ano naman ang sinasabi sa Efeso 4:31-32 na makakatulong upang magkaroon ng kapayapaan sa ating mga tahanan?

v. 31 ______________________________________________________________________

v. 32 ______________________________________________________________________

**LUMALAGONG MATATAG**



**Basahin ang 1 Samuel 4-10**

**Kabisaduhin Kawikaan 31:30**

*"Ang pagiging kaakit-akit ay makapandaraya, at ang kagandahan ay kumukupas. Pero ang babaeng may takot sa PANGINOON ay dapat purihin." ASND*

- Kahit na magpasakop ang babae , kailangan pa rin nyang magsalita at malaman ang kanyang limitasyon. Kailangan niyang sabihin sa asawa at mga anak ng may respeto kung ano ang kailangan niya at asahan silang tumulong sa mga gawain sa bahay. Sa tamang pananalita, mahikayat niya sila na maging responsable sa bahay..
- Ang marunong na babae ay inaalagaan ang kanyang sarili. Kung hindi ma fru-frustrate at bitter lang siya, at nagkakaroon ng pagtatalo sa loob ng tahanan. Kailangan niya ng mga kaibigan na makakausap na mga marunong at mature na mga babae. Mag-ukol ng panahon sa mga bagay na gusto niya, at pangalagaan ang kanyang kalusugan, atbp.
- Ang marunong na lalaki ay nakikinig sa kanyang asawa; kung hindi, magkakaroon lang sila ng mga pagtatalo.
- Ang lalaki ay dapat pinagtanggol ang kanyang asawa at turuan ang mga anak na rumespeto sa kanya.. Hindi dapat hayaan ng mga babae na bastusin siya. Kapag hinayaan niya ito nagtatanim siya ng machismo sa mga anak niya.


13 Basahin ang Kawikaan 14:1. Isulat ang mga bagay na makakapagpatatag sa iyong tahanan.

______________________________________________________________________

Isulat ang mga bagay na makakasira dito. ______________________________

______________________________________________________________________

STOP *Isulat sa ibang papel: Paano mo ninanais na maalala ka ng mga kapamilya mo?*



Step 7

# Ang Mabuting Balita at Kasaganaan

*Sagutin Tama (T) o Mali (M)*

______ *Kalooban ng Dios na ang bawat mananampalataya ay sumagana at may kalusugan.*

______ *Ang kahirapan ay tanda ng kakulangan sa pananampalataya*

______ *Nagbabala ang Dios na mag-ingat sa kasakiman dahil maraming bagay na higit na mahalaga kaysa sa salapi.*

**ANG DEBATE... katotohanan o kathang-isip lang.**

Sa panahon ngayon, maraming nahahayag na bagong katuruan sa salita ng Dios na nagsasabing ang kalooban ng Dios para sa lahat ng mananampalataya ay ang yumaman. Naniniwala sila na ang kalusugan at kayamanan ay mga karapatan ng bawat mananampalataya at ito ay pagpapatunay ng pabor ng Dios sa kanilang buhay. Kinikilala nila na ang karamdaman at kahirapan ay mga sumpa at walang mananampalataya ang dapat na dumanas ng mga ganitong sumpa. Ang mensaheng ito ay kaakit-akit sa maraming tao dahil lahat naman tayo ay nagnanais ng magandang buhay.

Sinasabi nila na ang kasaganaan ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya at pagbibigay sa mga ministeryo o gawain ng mga nagtuturo ng bagong katuruang ito. Sa pagbigay nila ng mas madami, ganun kadami din sila pagpapalain, Nagtuturo sila patungkol sa salapi at inuugnay nila ang pagpapala ng Dios ayon sa kanilang inihahandog, na ito ay parang pamumuhunan ng may siguradong resulta o pagtubo. Isa sa kanila ay nagsabing:

"Magbigay ka ng 10 at tatanggap ka ng 1000; magbigay ka ng 1000 at ang babalik sa iyo ay 100,000. Magbigay ka ng isang bahay at ikaw ay tatanggap ng 100 mga bahay o isang bahay na nagkakahalaga ng 100 beses na higit pa sa bahay mo. Ang Marcos 10:30 ang batayan nila dito. (Gloria Copeland, God's Will Is Prosperity , p. 171)

Mayroon silang sariling kahulugan ng pananampalataya, at minsan ang tawag nila dito ay: pangalanan mo, angkinin mo" o Salita ng Pananampalataya. Sinasabi nila na ang pananampalataya ay isang pwersa na nagpapakilos sa sinabing salita. Anuman ang ihayag ng tao ay mangyayari. Para sa kanila ang pananampalataya ay nakasalalay sa kung ano ang mga naisin nila at paniwalaan ito, ito ay ibibigay ng Dios sa kanila. Kung ang panalangin ng isa ay hindi tinugon ng Dios sasabihin nilang ito ay dahil sa kulang sila sa pananampalataya o dahil may kasalanan sila sa kanilang buhay. Hindi nila ginagamit ang mga katagang "kung kalooban ng Dios" dahil inaangkin nilang alam na nila kung ano ang kalooban ng Dios. May mga naghahayag pa ng mga propesiya para mas paniwalaan ito ng mga tao.

Ito ba ang mabuting balita ng kasaganaan na inihayag ng ating Panginoong Jesus-Cristo at ng mga Apostol? Ipinangako ba ng Dios sa lahat ng mananampalataya ang kalusugan at kayamanan? Ano ang sinasabi ng Biblia sa tungkol sa mga bagay na ito

**ANG POKUS NG MABUTING BALITA NA NAHAYAG SA BIBLIA**

1. Ano ang pokus ng mabuting balita na ipinangaral ng mga apostol? Binigyang-diin ba nila ang kabanalan o ang materyal na kayamanan o kalusugan? Ang mga talatang ito ay ang mga karaniwang tinuro ng mga Apostol. Ibuod ang mga pangunah ing kaisipan ng bawat paksa: Colosas 1:21-22 ______________________________

   Col. 3:1-3 ______________________________

   Col. 3:5 ______________________________

   Col. 3:12-13 ______________________________

   Ang pokus nito ay ang paglayo sa kasalanan upang hanapin ang kabanalan, kung saan ang panloob na espiritual na buhay ay dapat na mangibabaw higit sa panlabas na buhay. Kahit na itatanggi ng mga nagtuturo tungkol sa kasaganaan na ang kanilang pangangaral at pamumuhay ay tumutukoy sa ibang bagay. Makikita natin na ang kanilang binibigyang-diin sa kanilang mga katuruan ay ang mga materyal na bagay. kaya, kahit ang mga hindi mananampalata ay tinutuya sila na hindi balanse at hindi biblikal ang kanilang mga katuruan at pamamaraan.

**ANO ANG SINASABI NG BIBLIA PATUNGKOL SA MGA MATERYAL NA BAGAY**


2. Sa kadahilanang, maraming mga mangangaral at ministeryo ang nagtuturo tungkol sa kasaganaan, tingnan natin ang pokus ng Biblia tungkol dito. Ano ang sabi ng Mateo 6:19-21 tungkol sa mga materyal na ari-arian? ______________________________

   ______________________________

   v. 24 ______________________________

   Hindi hinikayat ni Jesus ang kanyang mga alagad na hanapin ang kayamanan. Binalaan pa sila na huwag itong habulin. Ang sinumang naghahanap na unahin ang Kanyang kaharian, nangako Siya na ibibigay Niya ang mga pangunahing pangangailangan nila tulad ng pagkain at damit, subalit hindi Niya ipinangakong yayaman sila. Mateo 6:25-34

**LUMALAGONG MATATAG**



**Basahin ang 1 Samuel 11-17**

**Kabisaduhin Lucas 12:15**

*"At sinabi niya sa kanilang lahat, "Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman; sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa dami ng kanyang*

3. Bakit kailangang mag-ingat tayo laban sa kasakiman? Lukas 12:15 ______________________________
______________________________ (Basahin ang talinghaga sa mga talata 16-21.)

4. Nagbababala si Jesus, *"Ang pagkabalisa sa maraming mga bagay at pagkahumaling sa kayamanan, ang mensahe ay nawalan ng puwang sa kanilang puso..."* Mat. 13:22 Sinabi Niya rin *"mas madali pang makadaan sa butas ng karayom ang isang kamelyo, kaysa makapasok sa kaharian ng Diyos ang isang mayaman."* Mat. 19:24

   Ano ang sinabi ni Jesus sa sinumang gustong sumunod sa Kanya? Mateo 8:19-20 ______________________________
   ______________________________

5. Ang iba ay inaakala nilang "ang kabanalan ay paraan ng pagpapayaman" (1 Timoteo 6:5). Ibuod ang saloobin ni Pablo tungkol sa materyal na pag-aari at paghihirap. 1 Timoteo 6:6-8 ______________________________
   ______________________________

   1 Tim. 6:9-10 ______________________________

   Filipos 4:11-13 ______________________________

   Filipos 4:19 ______________________________

   Hindi hinanap ni Pablo ang kasaganaan. Kundi natutunan niya ang maging kuntento sa anumang kalagayan niya, kapag siya sagana o may pangangailangan man. Siya ay kuntento na may mga damit na nasusuot at may nakakain kahit papaano. Nagbigay siya ng babala din na ang pag-ibig sa salapi ay inaalipin tayo. Tinawag niya itong ugat ng lahat ng kasamaan (1 Tim 6:10).

6. *Kung ang kahirapan ay senyales ng kakulangan sa pananampalataya, bakit si Lazaro pa na isang pulubi, imbis na ang mayaman ang ginamit na halimbawa ng taong pinagpala ng Dios?Ang kahirapan ay hindi nangangahulugan ng kakulangan sa buhay espiritual..*



May mali kapag ang tingin na natin sa Dios ay personal nating ATM machine

**ANG PAGBUO NG MGA KONKLUSYON:**

7. Pagkatapos mapag-aralan ang mga paksang ito, pagbulayan ang mga sumusunod:
   - Kung importante ang kasaganaan sa materyal na bagay, bakit hindi ito binigyan-diin ni Jesus at ng mga apostol sa kanilang mga pagtuturo?
   - Ang Bagong Tipan ay hindi binigyan prayoridad ang kasaganaan na dapat nating hanap-hanapin; subalit ang mga sulat ay punong-puno ng payo kung paano magkaroon ng banal na pamumuhay.
   - Ang Bagong Tipan ay nagbigay babala sa panganib ng materyalismo. Imposibleng makapaglingkod sa Dios at kayamanan. Ang kayamanan ay panandalian lamang ngunit nabagabag at nasira nito ang buhay ng karamihan.
   - Ang pagtuturo ng kasaganaan o prosperity gospel ay pwedeng magdulot ng pagiging makasarili dahil ito ay maaaring umakit ng kasakiman sa ating buhay. Nagbibigay diin siya sa materyal ng higit sa espiritual, sa panlabas kaysa sa panloob.
   - Ang Cristianong pamumuhay ay pinaghalong maganda at masamang panahon, bahagi nito ang kahirapan. Hindi laban ang Dios sa kasaganaan. May mga panahon na pagpapalain Niya tayo sumasagana, ngunit ang kayamanan ay hindi prayoridad ni Jesus maging ng mga apostol.

8. Sabi sa Galacia 1:9 *"Kung may mangangaral sa inyo ng magandang balita na iba kaysa sa tinanggap ninyo, sumpain siya ng Dios!"* Pag-isipan natin ayon sa napag-aralan natin sa araling ito, ang mabuting balita ba ng kasaganaan (prosperity gospel) ay maaaring ibilang na ibang "mabuting balita"? ______________________________

**PAANO TAYO DAPAT MAMUHAY?** Matutong makuntento

9. Saan natin dapat i-pokus ang ating atensyon? 2 Cor. 4:17-18 ______________________________
   ______________________________. Sinabi pa sa Colosas 3:2 "Ang mga bagay na panlangit ang isaisip ninyo, hindi ang mga bagay na panlupa." Ang mga bagay na materyal ay pangalawa lang.

10. Sa Santiago 1:9, ano ang payo na ibinigay para sa mga mahirap? ______________________________

    Sa talata 9-10, ano naman ang payo sa mga mayaman? ______________________________
    Ang kayamanan ay hindi nagtatagal. At saka, ang materyalismo ay magdudulot sa mga mayaman na makalimutan ito, katulad ng mga mahihirap, ang tanging bagay na pwede nilang ipagmalaki ay ang kanilang pinagpalang katayuan kay Cristo.

11. Ano ang sinasabi sa Hebreo13:5-6 tungkol sa pagiging kuntento? ______________________________

STOP Siyasatin ang iyong saloobin: Katulad ni Pablo, kuntento ka ba, masagana man o may pangangailangan man?




Step 8

# Kasaganaan... Part 2

*Sagutin Tama (T) o Mali (M)*

______ *Ang aking pananampalataya ay pwersa na nagbabago ng totoong nangyayari sa akin.*

______ *Dapat may mga programa sa telebisyon na pang Cristiano na matutulungan ang mga mananampalataya sa kaalaman sa Biblia at matuto sa kanyang sarili.*

______ *Sinabi ng Dios na ang Kanyang kapangyarihan ay napapakitang dalisay sa aking kahinaan.*

**PANANAMPALATAYA**

Ang Biblia ay nagbigay ng mga ehemplo sa pananampalataya, ngunit ang pinakakilala dito ay si Abraham. Dahil sa pananampalataya, naniwala siya sa Dios na bibigyan siya ng anak kahit 100 taon na siya at Dahil sa pananampalataya, bukal sa kalooban niyang ihandog ang kanyang anak na si Isaac dahil sa pagsunod niya sa utos ng Dios.

1. Ayon sa Roma 4:20-22, ano ang pangunahing katangian ng pananampalataya ni Abraham?

   ______________________________________________________________

   Nalugod ang Dios sa kanya dahil kumbinsido siya na gagawin ng Dios ang Kanyang pangako.

2. Saan nagmumula ang pananampalataya? Roma 10:17 ______________________

   Ang Biblikal na pananampalataya ay nakabase sa Salita ng Dios at sa mga pangako nito. Ang mga nagsasabi ng "naniniwala ako dahil sinabi ng ng Biblia…" ay naglalagak ng kanyang kumpiyansa sa Salita ng Dios, hindi sa sariling gusto niya at paniniwala. Ang nagsasabi naman ng, "naniniwala ako!, kaya alam ko gagawin ng Dios ang hinihiling ko", ay nakabase ang kanyang pananampalataya sa kung ano ang nararamdaman niya, sa gusto niya, sa pinaniniwalaan niya imbis na sa pangako ng Dios. Ang una ay "Bible-centered" naka sentro sa Biblia ang kanyang paniniwala, ang pangalawa naman ay "man-centered" naka sentro sa kanya ang kanyang paniniwala.


**ANG TUNGKULIN NG PANANAMPALATAYA SA PROSPERITY GOSPEL**

Ang prosperity gospel ay naglalahad ng iba't ibang konsepto ng pananampalataya na minsan ay tinatawag na "salita ng pananampalataya" o "pangalanan mo na, angkinin mo na! Ang mga tagasulong nito ay tinuturo na ang pananampalataya ay isang pwersa na makakapagbago ng mga bagay. Sinasabi nila na kapag idineklara mo sa iyong bibig ang pinaniniwalaan mo, ang mga salita mo ay may kapangyarihan. Isa sa mga mangangaral nito ay pinaliwanag ito:

> *"Sabihin mo ang nais mong mangyari at huwag magkaroon ng pag-aalinlangan sa puso mo. Paniwalaan mo na ang iyong mga salita ay may kapangyarihan, at ang mga bagay na sinabi mo ay mangyayari. Ang resulta nito ay maaari mong matanggap anuman ang sinasabi mo kapag pinaniniwalaan mo ito." (Kenneth Copeland, The Force of Faith, p. 21)*

> *"Ang mga salitang sinasabi mo ay dapat ang mga salitang nais mong mangyari lang sa buhay mo, at paniwalaang ito ay magbubunga ng resulta. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng Salita ng Dios at patuloy na pagkain nito upang ang ating pananampalataya ay kumontrol sa ating mga sinasalita. Ang mga bagay na sinasabi natin ay mangyayari kung ang ating mga salita ay mga salita ng pananampalataya. Ang Dios ay mapagkakatiwalaan tayo ng Kanyang kapangyarihan sa mga salitang lumalabas sa ating mga bibig. Kung anuman ang ating sabihin, mabuti man o masama, ito ay ating matatanggap." (The Force of Faith, p. 22)*

**LUMALAGONG MATATAG**




**Basahin 1 Samuel 18-24,**

**Kabisaduhin Roma 4:20-21**

*Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Dios, kundi lalo pang tumibay ang kanyang pananampalataya. Pinapurihan niya ang Dios 21dahil lubos siyang umasa na tutuparin ng Dios ang kanyang pangako.*

Sa pananampalataya, dinedeklara ko ang tagumpay laban sa karamdaman... Kaso bakit nasa wheel chair pa din ako?



Ngayon natutunan ko ng makuntento sa anumang sitwasyon mayroon ako dahil sinabi sa akin ng Dios: "Sapat na sa iyo ang aking biyaya, dahil ang kapangyarihan ko 'y nakikita sa iyong kahinaan.". 2 Cor. 12:9

**ANO DAPAT BA ANG KATANGIAN NG ISANG LIDER?**

Basahin ang mga sumusunod na paksa at isulat sa ibang papel kung ano ang sinasabi ng Biblia patungkol sa biblikal na pangunguna:

1 Pedro 5:2-3
1 Timoteo 3:1-7
Tito 1:7-9
Juan 13:13-15



**KAGALINGAN PARA SA LAHAT**

Totoong nagpapagaling ang Dios, subalit meron bang basehan sa biblia na nakakasiguro tayo na kalooban ng Dios sa lahat ng mananampalataya ay gumaling? Kung ito ay totoo, paano natin maipapaliwanang ang sinasabi sa mga paksang ito?

*1 Timoteo 5:23 "Huwag puro tubig lang ang iyong iinumin; uminom ka rin ng kaunting alak na gamot sa madalas na pagsakit ng iyong sikmura."*

*2 Corinthians 12:7-9 Ngunit upang hindi ko ipagyabang ang kamangha-manghang pahayag ng Diyos sa akin, ako'y binigyan ng isang kapansanan sa katawan na nagsisilbing sugo ni Satanas upang pahirapan ako, at nang sa gayo'y hindi ako maging palalo. Tatlong beses kong idinalangin sa Panginoon na alisin ito, ngunit ganito ang kanyang sagot, "Ang pagpapala ko ay sapat sa lahat ng pangangailangan mo; lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina." Kaya't buong galak kong ipagmamalaki ang aking mga kahinaan upang lalo kong madama ang kapangyarihan ni Cristo.*

*Sa 2 Timoteo 4:20 Sinabi ni Pablo,"...si Trofimo nama'y iniwan ko sa Mileto dahil may sakit siya.."*

Nakikita natin na ang diin nito ay hindi nakaayon sa kongkretong pangako sa Biblia, kundi sa ninanais na resulta ng sinuman. Kaya karaniwang naririnig natin ang mga katagang, "Idinideklara ko, sa pangalan ni Jesus." Isipin natin: hindi ba ito ay pagiging mapangahas sa pag angkin na mangyari ang isang bagay na wala naman tayong tiyak na pangako mula sa Dios?

Habang inaangkin nila na nakabase ang pananampalataya nila sa Salita ng Dios, paano kung ang interpretasyon nila sa Salita ay mali? Ang mga panaginip at propesiya ay hindi magkapareho ng antas katulad ng direktang pangako mula sa Biblia. Mahirap makita kung ano ang mali sa panaginip o propesiya kaya importante na subukin ang mga pahayag bago ilagak ang pananampalataya dito.

Ayon sa 1 Pedro 2:24, "sa kanyang mga sugat tayo ay gumaling," maraming nagsabi na ang kamatayan ni Cristo ay katibayan na tayo ay magaling na sa lahat ng pisikal na karamdaman. Gayunpaman, kung susuriin natin ang paksa na ito sa kanyang konteksto, makikita natin na hindi ito nagsasalita tungkol sa kagalingan sa materyal kundi tungkol sa kapatawaran sa kasalanan, upang makapamuhay tayo sa katarungan. Ang angkining kalooban ng Dios na pagalingin lahat ng karamdaman ay pagkakaroon ng hindi akmang interpretasyon ng 1 Pedro 2:24.

**ANG MAPANG-ABUSONG TAGAPANGUNA SA PROSPERITY MOVEMENT**

Ang mga iglesya, Christian television o mga programa sa radio ay dapat may malasakit sa sinumang mananampalataya na sila ay matuto sa Biblia at magkaroon ng kakayahang mag-isip sa kanilang sarili paano uunawain ang kahulugan ng Salita ng Dios. Basahin at pag-usapan ang mga sumusunod upang makita natin kung naniniwala tayo na ang ilan sa mga pang-aabuso ay nangyayari pa rin ngayon:

- Maraming maliliit na simbahan ngayon ang naghihirap dahil ang kanilang mga miyembro ay nagbibigay ng malaking bahagi ng kanilang handog sa mga malalaking simbahan o mga kilalang mangangaral sa radio o sa tv ministries.
- Maraming mga mangangaral ng prosperity gospel ay namumuhay ng marangya sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tapat subalit mahihirap na mananampalataya.
- Ang kanilang pokus ay hindi nakaayon sa katuruan ng Biblia patungkol sa kayamanan. Habang nakatuon sila sa kayamanan ayon sa Lukas 12:15, "Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman, dahil ang buhay ng tao ay hindi nasusukat sa dami ng kanyang pag-aari."
- Maaaring may mga inaangkin silang talata sa Biblia para suportahan ang kanilang marangyang pamumuhay, ang kanilang pamamaraan ng interpretasyon sa kasulatan ay nakakalito, ang mga talata sa Biblia ay ginagamit ng wala sa teksto, nagpapahayag sila ng mga propesiya, atbp. Para lamang mabigyan ng katwiran ang kanilang mga sinasabi.
- Ang kanilang "mabuting balita" ay walang bisa. Sa kabila na sila ay mga dakila sa pananampalataya at katapatan, marami sa kanilang mga tagasunod ay patuloy sa pagiging mahirap at may mga sakit. At upang bigyang katarungan ang kakulangan ng magandang resulta, sinisisi ng mga lider nito ang mga mahirap at may mga karamdaman na kaya hindi umuunlad ang kanilang kalagayan ay dahil sa kakulangan nila sa pananampalataya o dahil sila ay may mga kasalanan pa rin sa kanilang buhay.
- May mga lider naman na na hihypnotize nila ang kanilang mga tagasunod gamit ang kanilang karisma. Sinasabi nilang nabubuhay sila sa pananampalataya, pero ginagamit nila ang kanilang karisma para kumbinsihin at himukin ang mga tao na sumuporta sa kanila. Ang iba naman ay gumagamit ng pananakot para makaakit sa mga taong nagnanais magkaroon ng magandang buhay.
- May ilang mga tagasunod ng ganitong movement na alam ang kanilang Biblia. Subalit nagtitiwala pa rin sila sa sinasabi ng mangangaral, nang hindi na nila iniisip kung ito ay biblical o hindi, dahil ginagalang nila ito bilang "pinili ng Dios". Kaya kahit ang iba ay may pag-aalinlangan ay takot silang kwestyunin ang autoridad ng mangangaral dahil sa paniwalang hindi nila dapat kalabanin ang mga "hinirang ng Dios".

- Inutusan ng Dios ang mga mananampalataya na magtrabaho upang "may mga maibahagi sila sa mga nangangailangan" (Efeso 4:28). Sa ibang mga ministries, ang kanilang binibigyan ng diin ay ang paghingi sa mga mahihirap imbis na magbigay sila sa mahihirap.
- May mga sitwasyon na, makikita ang kakulangan sa pagpapakumbaba at kahinahunan sa paraan ng mga lider kung paano nila ituring ang kanilang mga tagasunod. Mahirap para sa iba na sundin ang pangaral ni Pedro sa 1 Pedro 5:2-3: "Alagaan ninyong mabuti ang mga mananampalatayang kasama ninyo. Katulad sila ng mga tupa at kayo ang mga tagapag-alaga nila. Dapat taos-puso ninyo silang pangalagaan, dahil ito ang nais ng Dios. Hindi dahil sa napipilitan lang kayo, o dahil sa may hinihintay kayong kapalit, kundi dahil sa nais talaga ninyong makatulong sa kanila. Huwag kayong maghahari-harian sa mga mananampalatayang ipinagkatiwala sa inyo upang alagaan, kundi maging halimbawa kayo sa kanila."
- Maraming nagbibigay pahiwatig na ang pagbibigay ng kaloob sa kanilang mga ministeryo ay ang tanging paraan upang makita nila na ang kanilang mga panalangin ay natutugunan o sila ay lalaya sa kanilang mga problema. Ang Dios ba ay gumagawa lamang base sa mga hinahandog sa Kanya (mas malaki, mas mabuti)? Nagpapaalala ito ng lumang kagawian ng pagbebenta ng indulhensiya para magkaroon ng kapatawaran sa kasalanan o solusyon sa pangangailangan.
- Pinupuna nila ang panalangin "Panginoon, kung kalooban Mo po…" Sinasabi nilang ito ay dahilan lamang para hindi manalangin ng may pananampalataya. Ito ay maaaring totoo sa ibang pagkakataon ngunit wala sinuman sa atin ang pwedeng umangking alam na nating lahat ang kalooban ng Dios sa bawat tao. Ito ay sadyang mapangahas. 1 Juan 5:14-15.

**PABLO: EHEMPLO NG MABUTING MANGGAGAWA**

- 1 Tesalonica 2:5-7 *"Alam n yo rin na hindi namin kayo dinaan sa matatamis na pananalita sa pangangaral namin at hindi rin kami nangaral para samantalahin kayo. Ang Dios mismo ang saksi namin. Hindi namin hinangad ang papuri ninyo o ng sinuman, kahit may karapatan kaming tumanggap nito bilang mga apostol ni Cristo. Sa halip, naging maaruga kami sa inyo tulad ng isang mapagkalingang ina sa mga anak niya. ..."*

- 2 Corinto 6:4, 10 *"sinisikap naming ipakita na kami ay totoong mga lingkod ng Dios. Tinitiis namin anumang hirap, pasakit, at kagipitan... May mga nagpapalungkot sa amin, ngunit lagi pa rin kaming masaya. Mahirap lang kami, ngunit marami kaming pinapayaman. Kung tungkol sa mga bagay dito sa mundo, wala kaming masasabing amin, ngunit ang totoo, kami ang nagmamay-ari sa lahat ng mga bagay."*

- 2 Corinthians 2:17 *"Hindi kami tulad ng marami riyan na ginagawang negosyo ang salita ng Dios para magkapera. Alam naming nakikita kami ng Dios, kaya bilang mga mananampalataya ni Cristo at sugo ng Dios, tapat naming ipinangangaral ang kanyang salita."*

- Posible ba na ang sinasabi sa Mateo 7:22-23 ay kabilang ang mga mangangaral ng prosperity gospel dahil sinabi nito: *"Marami ang magsasabi sa akin sa Araw ng Paghuhukom, 'Panginoon, hindi ba*'*t sa ngalan n*'*yo ay nagpahayag kami ng inyong salita, nagpalayas ng masasamang espiritu at gumawa ng maraming himala?' Ngunit sasabihin ko sa kanila, 'Hindi ko kayo kilala! Lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng masama!"*

STOP *Ikaw ba ay alerto na makita ang mga ganitong pang-aabuso?*

*Pag-aralan ang Biblia. Pag-isipan itong mabuti.*



## Step 9
# Ako ba ay Ligtas pa?

*Sagutin ng Tama (T) o Mali (M)*

______ *Ang kasiguruhan ng aking buhay na walang hanggan ay naka-depende sa aking katapatan sa Dios.*

______ *Ang paniniwalang hindi mawawala ang aking kaligtasan ay nagbibigay sa akin ng pahintulot na magkasala.*

______ *Maraming mga "Cristiano" ang namuhay sa kasalanan, pero hindi talaga nila naunawaan ang mabuting balita. Hindi sila tunay na ligtas.*

**ANG DEBATE**

May kakilala ka bang naghayag ng kanyang pananampalataya, namuhay sa Panginoon, ngunit naligaw ng landas? Siya ba ay ligtas pa o nawala na niya ang kanyang kaligtasan? O gawin natin personal, ikaw ba ay isang taos pusong mananampalataya na namumuhay sa takot at pagkabigo dahil hindi mo pa rin naaabot ang "banal na pamumuhay"? Natatakot ka bang mawala ang iyong kaligtasan o mawala ka sa kaligtasan? Ang mga evangelical church ay hati sa usaping ito. Ang iba ay naniniwala na posibleng mawala ang iyong kaligtasan, habang ang iba naman ay hindi. Ito ba ay importante na pag-aralan o ito ay hindi pangunahing doktrina na dapat pag-usapan pa? Siyempre, kailangan natin itong pag-usapan. Mayroon pa bang higit na importante kaysa alamin mo kung saan mo gugugulin ang iyong walang hanggan? May dalawang kamalian na nagdulot ng kalituhan at kontrobersya:

**Ang mababang klaseng ebanghelyo**

*Ang ilan, ay naniniwalang hindi mawawala ang kanilang kaligtasan kahit na sila ay mahulog pa sa pamumuhay sa kasalanan. Ang kanilang saloobin, "may tiket na ako papuntang langit; ngayon pwede ko ng gawin kahit anong gusto ko. Ito ay nagpapakita ng isa sa dalawang pagkakamali. Maaaring itong mananampalatayang ito ay hindi naunawaan ang ebanghelyo kaya hindi siya nagkaroon talaga ng buhay na walang hanggan o hindi nila naunawaan kung ano ang ibig sabihin ng "biyaya ng Dios". Nagkaroon sila ng kalituhan na ang ibig sabihin ng kalayaan kay Cristo ay kalayaang magkasala. Ang Apostol Pablo ay nagbigay ng babala laban sa pagkakaroon ng ganitong kaisipan sa Roma 6:1-6, "Patuloy ba tayong magkakasala upang sumagana sa atin ang kagandahang-loob ng Diyos? 2Hinding-hindi! Tayo'y patay na sa kasalanan, paano pa tayo mamumuhay sa pagkakasala?"*

**Pamumuhay sa takot at kawalan ng katiyakan**

Bagaman may mga gumagamit ng kaisipan na maaaring mawala ang kanilang kaligtasan para ma-motivate silang mamuhay ng may kabanalan, ang iba naman ay sumobra dito. Naging paraan ito ng ilang simbahan para manipulahin ang mga mananampalatayang magkaroon ng takot. Ang mga mananampalataya sa mga simbahang ganito ay lagi na lang sinusubukang malugod ang iglesya at ang Dios sa pamamagitan ng pagsunod sa listahan ng kanilang mga "dapat gawin at hindi dapat gawin (do's and don'ts)". Ang sistemang ito ay tinatapakan ang kahulugan ng "biyaya" sa pamamagitan ng pagpalit dito ng mga gawa ng tao. Sa ibang salita, habang tayo ay ligtas dahil sa biyaya ng Dios at hindi dahil sa mga gawa, naniniwala sila na kailangan mong gawin ang mga inuutos (works) para makapanatili ka sa kaligtasan. Ang Cristianong pamumuhay ay naging base sa gawa upang patuloy na maging karapat-dapat sa kaligtasan.

Hindi mahalaga kung ano ang opinyon ng sumulat ng Bagong Buhay kay Cristo o sinumang may mabuting hangaring mananampalataya, o kahit pa ng kilalang mangangaral; ang tanging mahalaga ay kung ano ang sinasabi ng Dios sa Kanyang Salita.

**ANO ANG SINASABI NG BIBLIA?**



1. Lahat ba ng inaangking sila ay Cristiano maliligtas? Mateo 7:21-23 ______________________

   Alin sa mga sumusunod ang nagbibigay kasiguruhan na ang isang tao ay tunay na Cristiano?

   ❏ Dumadalo sa iglesya ❏ Nagtaas ng kamay sa isang evangelistic service ❏ Nagtagumpay sa gamot at alcohol. ❏ Nagbabasa ng Biblia ❏ Nagsasalita ng iba't ibang wika ❏ Nakonsyensya sa kanyang kasalanan ❏ Nabautismuhan ❏ Matapat na nag-iikapu ❏ Nagtuturo ng Bible study/Sunday school class ❏ Tumutulong sa mahihirap ❏ Totoong tao
   ❏ Nagsisi sa kasalanan at nanampalataya kay Cristo, tinanggap Siya bilang nag-iisa at natatanging Sapat na Tagapagligtas.

2. Ang pangunahing tanong ay: Ang aking kaligtasan ba ay nakadepende sa aking mga gawa o sa tinapos ng gawa ni Cristo doon sa krus? ______________________

3. Ano ang tanging kailangan lamang para maligtas? Juan 1:12; Juan 3:16, Efeso 2:8-9 ______________________

   Maraming naniniwala lamang sa kanilang ulo ngunit hindi sa kanilang puso. Paano mo ipapaliwanag sa iba kung ano ang ibig sabihin ng "tanggapin" o "sumampalataya" kay Cristo? ______________________

   ______________________


**ANO ANG KAISIPAN MO SA MGA SUMUSUNOD?**

May nagsabi , "matagal na ko sa simbahan na naniniwala na hindi mawawala ang ating kaligtasan at yung iba naman naninniwala na pwedeng mawala ito. Pinagpala ako ng doble. Kung hindi ko ito mawawala, makakasiguro akong sa langit ang punta ko. Kung mawawala ko naman ito, ma-momotivate akong mamuhay ng may kabanalan."
Sumasang-ayon ka ba dito? Bakit?
Ang dapat na nag momotivate sa iyo sa kabanalan ay:
❏ Takot ❏ Pagpapasalamat

**ANO ANG BAHAGI NG MGA GAWA SA KALIGTASAN?**

Basahin ang Efeso 2:8-9 Maaari ang Biblia ay nagtuturong malinaw na ang kaligtasan ay **biyaya ng Dios** sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi ng gawa, ito ay nagtuturo din ayon sa v.10 na tayo ay naligtas para **gumawa ng mabuti**. Ito ay hindi kontradiksyon. Ang nagiisa at tanging **paraan** lang para maligtas ay dahil sa pananampalataya. At ang **resulta** ng ating kaligtasan ay binagong buhay na ipinapakita ng mabuting gawa.

Kaya, tapusin na natin ang pagwawalang-bahala sa kasalanan. Tayo ay naligtas upang mamuhay sa kabanalan. Alinsunod nito, tayo ay naligtas upang mamuhay ng may seguridad dahil ang ating walang hanggan ay napag desisyunan na. Namumuhay tayo sa kalayaan ayon sa biyaya. Wala tayong magagawa para maging karapat-dapat sa kaligtasan o magpatuloy dito ng may karapatan. Ang tanging pag-asa lang natin sa kaligtasan ay ang natapos ng gawa ni Cristo.



***LUMALAGONG MATATAG***

***Basahin ang 1 Samuel 25-31***

***Kabisaduhin ang Juan 5:24***

*"Sinasabi ko sa inyo ang totoo, ang sumusunod sa aking mga salita at sumasampalataya sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan sapagkat inilipat na nga siya sa buhay mula sa kamatayan". ASND*

4. Ang Kaligtasan ay tinatawag na "buhay na walang hanggan" Ito ba ay nagsisimula na ngayon o kapag nakarating palang tayo sa langit? Juan 5:24 ____________________

   Ganunpaman, alam natin na ang ibig sabihin ng buhay na walang hanggan ay walang katapusan. Posible ba na ito ay mapasaatin na at pagkatapos mawala sa atin sa hinaharap? ____________________

5. Ayon sa Efeso 1:13-14, ang bawat mananampalataya ay minarkahan ng Banal na Espirito. Siya ang garantiya na tayo ay namarkahan na bilang pag-aari ng Dios.

   Kailan tayo namarkahan? v. 13 ____________________

   Hanggang kailan tayo markado? v. 14 ____________________

   Ang Banal na Espirito ang katibayan na matatangggap natin ang pangako ng Dios hanggang makamtan natin ang lubos na kaligtasan Tandaan natin: ***Ang Banal na Esprito ang nagbibigay garantiya sa kaligtasan, hindi ang mabubuting gawa ng mga mananampalataya.***

6. Kapag binasa mo ba ang Juan 10:27-30, nagdudulot ba ito sa iyo ng kumpiyansa o takot patungkol sa seguridad ng iyong kaluluwa? ____________________

   **Note:** Mag-ingat tayo na huwag natin ma-injectionan ang mga tao tungkol sa ebanghelyo ng pagbibigay ng mababaw na paglahad ng ebanghelyo sa kanila, na pinapaniwala natin sa kanila na ligtas sila kung hindi naman. Maraming tinatawag na "mananampalataya" pero hindi nila nauunawaan kung ano ang ibig sabihin ng "biyaya ng Dios". Kapag tayo ay nag ebanghelyo, kailangang maging malinaw tayo sa pagpapaliwanag nito upang hindi tayo magkamali tulad ng nabanggit sa tanong 1 at 2. Tayo ay ligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Dios at napanatili ng biyaya ng Dios.

**MAG-INGAT TAYO**

7. Bilang natutunan na natin, ang pagkakaroon ng buhay na walang hanggan ay hindi lisensya para magkasala. Ano ang masasabi natin sa mga nagsasabing sila ay Cristiano pero patuloy na namumuhay sa pagkakasala?
   - *Maaaring hindi sila tunay na Cristiano, kundi niloloko lang nila ang kanilang mga sarili at ang ibang tao. Maaaring hindi nila naunawaan ang ebanghelyo at tunay na nanampalataya.*
   - *Kung tunay silang nabago, sila ay mga makalamang Cristiano (carnal Christian).. Nagpapatuloy silang mga anak ng Dios pero hindi nila nararanasan ang kagandahan ng araw-araw na pakikipag-ugnayan sa Dios.*
   - *Sila ay nagpapailalim sa pagdidisiplina ng Dios upang maibalik sila sa pakikipagtipan sa Dios Hebreo 12:5-11.*
   - *Mawawalan sila ng mga gantimpala na ipagkakaloob sa luklukang paghatol ni Cristo. Corinto 3:11-15*

8. Basahing mabuti ang 1 Corinto 3:11-15. Paano ang mga mabuting gawa? Ang mga gawa ng mga mananampalataya na hahatulan sa luklukang paghahatol ni Cristo. Ang paghahatol na ito ay hindi tumutukoy kung sila ay ligtas o hindi, ito ay pagbibigay ng mga gantimpala. Gagantimpalaan sila sa mga gawa nila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espirito (ginto, pilak at mga hiyas na bato). Ang mga gawa na ginawa ayon sa laman o kakayahan ng tao ay matutupok tulad ng kahoy, dayami, o straw, kahit na ito ay "mabubuting" bagay pa.

9. Posible ba na "maglingkod sa Dios" at hindi makatanggap ng gantimpala? ❏ Oo ❏ Hindi Ano ang gantimpalang matatanggap ng isang guro na nagtuturo ng Biblia kung nagtuturo siya ng hindi bukal sa kanyang kalooban o dahil gusto niyang hangaan lang siya? v. 15 ____________________

10. Ano ang sabi sa v. 15 tungkol sa mananampalatayang itinayo ang kanyang buhay bilang Cristiano sa sarili niyang lakas? ____________________

    Maliligtas ba sila? _____ Ano ang mawawala sa kanila? ____________________

STOP *Sigurado ka na ba kung saan mo gugulin ang walang hanggan mo? Bakit o bakit hindi?*
*Kanino nakadepende ang kalagayan ng walang hanggan mo?*
*Nagtitiwala ka ba kay Cristo lamang o sa sarili mong kakayahan na maging tapat?*



Step 10

# May tanong ako bago ko tanggapin si Cristo

*Sagutin ng Tama (T) o Mali (M)*

______ *Mas mainam hintayin ko munang maiayos ko ang buhay ko bago ako lumapit kay Cristo.*

______ *Kung tatanggapin ko si Cristo magkakaroon ako ng mabuting buhay pero boring naman ito.*

______ *Hindi ako dapat magmadali dahil marami pa naman akong panahon para tanggapin si Cristo.*

**KARANIWANG PAGDUDUDA AT MGA HADLANG**

May mga katanungan na laging lumilitaw tuwing ang ebanghelyo ay nahahayag. At ilan dito na hindi nasasagot ay humahadlang sa ibang mga tao upang gumawa ng desisyon. Ang iba naman ay nagkakaroon ng mga pag-aalinlangan. Yung iba naman ay ginagamit ang mga bagay na ito para magkaroon sila ng dahilang hindi tanggapin si Cristo sa buhay nila. Sa ibaba ay ang ilan sa mga katanungan patungkol dito at ang mga kasagutang biblikal.

***"Natatakot ako sa mga sasabihin ng aking mga kaibigan at kapamilya."***

1. May mga pagkakataon na ang isang bagong mananampalataya ay itinatakwil ng kanyang mga kaibigan, maging ng kanyang pamilya dahil sa kanyang bagong pananampalataya. Magbigay ng halimbawa. ______________________
______________________________________________

2. Paano makakatulong ang mga talatang ito sa sinumang natatakot sa sasabihin ng iba dahil sa bago niyang pananampalataya?
Markos 8:36 ______________________________
Bigyan natin ito ng karagdagang kahulugan, *Ano ang punto ng pagkakaroon ng pagtanggap ng kaibigan kung ikapapahamak naman ito ng aking kaluluwa*
Awit 27:10 ______________________________
Hebreo 13:5-6 ______________________________

3. Natatakot siyang mawalan ng kaibigan, pero may mga kaibigan bang mas mainam na mawala na lang? Bakit?
______________________________________________

4. Kung ang isang kaibigan ay hindi ka nirerespeto kapag tumanggi ka sa dating mga ginagawa mo, siya ba ay totoong kaibigan? Bakit? ______________________________

5. Ano ang sinasabi ng mga sumusunod na talata tungkol sa posibilidad na makatagpo ka ng mga bagong kaibigan kay Cristo?
Efwso 2:19 ______________________________
1 Juan 1:3, 7 ______________________________

***"Natatakot akong hindi ako makasunod at maging tapat. Ayokong maging parang laro lang ang pagsunod ko sa Dios."***

Kailangan ba talagang ayusin muna natin ang buhay natin bago lumapit sa Dios? O dapat na lumapit ka muna sa Kanya, at hilinging mo ang tulong Niya na baguhin ang mga bagay na hindi mo kayang baguhin? Kapag hinintay mo munang "maayos" mo ang lahat, sa tingin mo lalapit ka pa kay Cristo? Hindi.

6. Paano makakatulong ang susunod na mga talata sa mga natatakot na baka hindi sila maging tapat?
Filipos 4:13 ______________________________
1 Juan 1:9; 2:1-2 ______________________________
1 Corinto 10:13 ______________________________
1 Juan 4:4 ______________________________




**GAWIN ITO**

Naniniwala ka ba na ilan sa mga hadlang na ito ay pumip-igil sa ilang mga kaibigan mo para tanggapin si Cristo?

______________________

Ano sa mga hadlang na ito ang pumipigil sa kanila?

______________________

______________________


______________________

Manalangin at hilingin ang Dios na bigyan ka ng pagka-kataong maibahagi mo Siya sa iyong mga kaibigan. Isulat mo ang mga
pangalan ng ilan sa kanila na umaasa kang makakausap mo.

______________________

______________________

______________________



**LUMALAGONG MATATAG**

**Basahin ang Markos 1-8**
(one chapter each day)

**Kabisaduhin Markos 8:36**

*"Ano ba ang mapapala ng isang tao kung mapas-akanya man ang lahat ng bagay sa mundo, pero mapapahamak naman ang kaluluwa niya?" ASND*

Ang kagandahan bagay sa Cristianong buhay ay hindi ito para sa mga perpekto kundi para ito sa mga makasalanang naligtas dahil sa biyaya ng Dios.. Ito ang eksaktong dahilan bakit gumawa ang Dios ng probinsyon sa pagpapatawad ng ating kasalanan kapag tayo ay bumagsak. Siya ay nangako rin ng daan upang makatakas tayo sa lahat ng tukso.

***"Kailangan ko ng itigil ang mga kasiyahan ko at magsimulang mamuhay ng nakakainip (boring) na buhay."***

Napakatalino naman ng diablo na napapaniwala niya tayo na mas maganda ang inaalok ng mundo kaysa kay Cristo! Hindi lamang nag-aalok ang mundo ng mga kasiyahan, mga kaibigan, salapi, impluwensya, mga iibig sa iyo, higit pa,,,anuman ang gustuhin mo meron ang mundo. Subalit ang "malawak na daan" na popular sa marami ay nagdadala sa pagkawasak at mga kabiguan (Mateo 7:13-14).

7. Kailangan mong tanungin ang sarili mo kung ang kasalukuyan mong buhay ngayon ay talagang "masaya" ayon sa paniwala mo. Ano ang mga bagay na takot kang mawala sa iyo? ______________________

   ______________________

   Maging totoo ka, ang mga bagay ba na ito ang tunay na nagpapasaya sa iyo? May kapayapaan ka ba? ______________________

8. Ang pagiging Cristiano ba ay talagang "boring" o malungkot?
   Juan 10:10b ______________________
   1 Juan 1:4 ______________________

9. Ang Galacia 5:19-23 ay nagkukumpara sa gawa ng laman at sa gawa ng Espirito. Anong pamumuhay ang makakapag-bigay kasiyahan sa iyo? ______________________

   ______________________

   Ano ang gusto mo sa dalawa? ______________________

   ______________________

**"Malaki ang mawawala sa akin para ako maging Cristiano."** (Katulad lamang sa nauna)

10. Paano sinasagot ng mga sumusunod na talata ang pag-aalinlangang ito?
    Markos 8:36 ______________________
    Mateo 6:19 ______________________
    Mateo 6:33 ______________________

***"Parang mas mainam na maghintay pa ako, marami pa namang pagkakataon.."***

11. Gaano ka kasiguro sa iyong kinabukasan? May garantiya ka ba na may pagkakataon ka pa bukas? Kawikaan 27:1 ______________________

12. Bakit ka pa maghihintay? 2 Corinto 6:2 ______________________

    ______________________

13. Ang Awit 95:7-8 ay nagbigay babala laban sa ______________________

    ______________________

14. Ano ang ginagawa ni Cristo ngayon? Pahayag 3:20 ______________________

    ______________________

    Ano ang magiging sagot mo kay Cristo ngayon? ______________________

    ______________________




Step 11

# Ano na Ngayon? Katotohanan o Kasinungalingan

*Sagutin ng Tama (T) o Mali (M0*

*______ Napakahirap matagpuan ang katotohanan pero siguro kung pag-aaralan ko ito at hihingi ng tulong sa ibang tao, baka matagpuan ko din kalaunan.*

*______ Ang katotohanan ang depensa ko laban sa pwersa ng diablo..*

*______ Importanteng pag-aralan ang Biblia pero ito ay nakakapagod at nakakainip.*

**ANG KATOTOHANAN AT ANG MUNDO**

1. Anong uri ng reaksyon ang maaasahan natin sa mundo kapag may tao na namumuhay ayon sa utos ng Dios? Bakit?
   1 Corinto 1:18 ______________________________

   Ano ang mangyayari sa karunungan ng tao? v. 19 ______________________________

   *Ang "katotohanang" tinatawag ng mundo ay dead-end na lugar na humahantong lang sa pagkatalo. Subalit ang totoo, ang ebanghelyo ay nagbabago ng buhay mo at ng kahahantungan mo sa walang hanggan. Kaya bakit ka papa-apekto sa mga sinasabi ng ibang tao?*

2. Basahin ang Roma 1:21-25. Ano ang sinasabi nito tungkol sa mga tumatanggi sa katotohanan at pumapabor pa sa kasinungalingan? v. 21 ______________________________

   v. 22, Ang akala nila sila ay ______________ pero ang totoo sila ay ______________.

   Nangyayari ba ito ngayon? _________ Magbigay ng halimbawa ______________________________

   ______________________________

   v. 25, Ipinagpapalit nila ang ______________ ng Dios at sila ay sumasamba at pinaglilingkuran nila ang mga ______________ sa halip na ang ______________. Ipaliwanag sa sarili mong salita ang kahulugan ng talatang ito: ______________________________

   Ang kasinungalingan ay nagdadala sa pagsamba sa dios-diosan. May mga uri tayo ng modernong dios-diosan sa kapanahunan natin ngayon na matatalakay sa tanong 4.

3. Ang Isaias 44:16-20 ay nagbigay komento sa karunungan ng tao. Ipinakita nito kung paanong ang tao ay pumuputol ng puno. Ginamit niya ang ilang kahoy nito para sa ______________________________ v.16

   Ano naman ang ginawa niya sa mga natirang kahoy? ______________________________ v.17

   Ano ang konklusyon ni Isaias sa v.18? ______________________________

   Sa v. 20? ______________________________

   Nakakatawa ito kung hindi ito napakasaklap na katotohanang ginagawa ng mga tao. Kung wala ang biblikal na katotohanan, tayo ay mananatiling bulag at ligaw sa katotohanan

4. Sa pag-unawa natin sa sinasabi ni Isaias tungkol sa pagsamba sa dios-diosan, madali nating masasabi; anong kamangmangan na isipin nila na ang isang piraso ng hinugis na kahoy ay makakapagligtas sa kanila. Sa ngayon, marami pa rin ang sumasamba sa mga larawan, ngunit may mga modernong dios-diosan na ngayon ang tao. Lumuluhod sila sa mga materyal na bagay tulad ng pera, sex, kagandahan, edukasyon, musika, mga entertainer, sports, kapangyarihan, relihiyon at maging sa pagkakaroon ng mga bagay na uso ngayon, atbp. Kahit na ang mga mabubuting bagay tulad ng trabaho, pamilya ay tinutulak ang Dios palayo sa buhay natin. Ano ang mga bagay na naging "dios-diosan na sa buhay mo?

   ______________________________

**ANG MGA TOTOO AT HUWAD NA TAGAPAGTURO SA IGLESYA**

5. Ano ang mangyayari sa mga huling araw? 1 Timoteo 4:1-3 ______________________________



6. Ano ang itsura ng mga huwad na tagapagturo kapag sila ay dumating na?
   Mateo 7:15 ________________________________________
   2 Corinto 11:13-15 ________________________________________

7. Ano ang sinabi ng Lukas 6:26 tungkol sa popularidad? ____________________
   ________________________________________

8. May naka-engkwentro ka na bang mga huwad na guro sa mga iglesya? Ipaliwanag bakit mo nasabing sila ay huwad: ____________________
   ________________________________________

9. Ano ang mga ginamit mong kasangkapan para subukin ang mga nagtuturo ngayon?
   ________________________________________

10. Sa iyong opinyon, ano ang porsyento ng mga mananampalataya sa iglesya ngayon na alam nila ang Biblia ng mainam, sapat upang makilala nila ang katotohanan sa mga kamalian? ________ %

**ANG PAGKAKAROON NG TAMANG SALOOBIN (ATTITUDE)**

11. Masasabi mo ba na dahil sa pagbabasa ng Bibla ay nagkaroon tayo agad ng pang-unawa at karunungan sa Salita ng Dios? Oo ❑ Hindi ❑

    Ano ang ating kailangan para maging tama ang pagkaunawa natin sa Salita? Awit 119:18
    ________________________________________

    Yamang ang Dios ang siyang nagbubukas ng ating mga mata ng pang-unawa, ang ating saloobin ay dapat na, *"Narito ako Panginoon, nakikinig at naghihintay na makarinig mula sa Iyo."*

12. Anong saloobin na masasalamin natin sa Awit 119:28-30 nang ang sumulat nito ay dumadaan sa panahon ng matinding pagsubok ____________________
    ________________________________________

**ISANG HAMON SA PAGTATAPOS MO NG VOL. 4 at 5: Ang Pakikipaglaban sa iyong kaisipan.**

*Sa dalawang araling ito (volume 4 at 5) siniyasat natin ang mga pangkaraniwang kasinungalingan at tumugon tayo ayon sa sagot na mula sa Biblia. Ang layunin natin ay hindi upang kabisaduhin ang sagot sa bawat kasinungalingan, kundi matuto tayong mag-isip base sa sinasabi ng Biblia, sinusuri ang lahat ng bagay mula sa pananaw ng Dios. Para magawa mo ito kailangan mong mag-ukol ng panahon sa Kasulatan, hinahayaan nitong punuin ang iyong isipan. Ito lamang ang tanging paraan para makita natin kung ano ang kaibahan ng katotohanan sa kasinungalingan/kamalian. Ang labanan ay nagwawagi o natatalo sa ating isipan.*


- ***Paano nakatulong sa iyo ang araling ito pati ang nakaraan (vol.4)?***
- ***Natatakot ka ba kapag may mga taong tinutuya ka sa iyong pananampalataya?***
- ***Ano ang ginagawa mo para makapag-isip ka nang akma sa Biblia?***
- ***May inilalaan ka bang panahon sa bawat araw para sa Dios, nananalangin at pinupuno mo ang iyong sarili ng Kanyang Salita? Kung wala pa, simulan mo ngayon. Balikan mo ang Vol. 1 Step 8 ng Bagong Buhay Kay Cristo. Pirmahan mo ang nasa ibaba para maipakita mo ang iyong hangarin maglaan ng panahon sa Dios:***

Nilalayon ko na mag-ukol ng panahong di bababa sa 30 minuto na makasama ang Dios. Gagawin ko ito sa ganap na ________ (oras) at sa ______________ (lugar).

________________________________________ Pangalan at Lagda

***"Anumang nakuha sa pandaraya ay parang masarap na pagkain, ngunit kapag tumagal ay para kang kumain ng buhangin."***
***Kawikaan 20:17MBB05***

***"Mapalad ang taong sa PANGINOON nagtitiwala, at hindi lumalapit sa mga mapagmataas, o sumasamba sa mga dios-diosan."***
***Awit 40:4 ASND***



**LUMALAGONG MATATAG**

**Basahin**
**Markos 9-16**
(one chapter each day)

**Kabisaduhin**

*"Anumang nakuha sa pandaraya ay parang masarap na pagkain, ngunit kapag tumagal ay para kang kumain ng buhangin."*
*Kawikaan 20:17MBB05*

## Appendix 1

Gupitin sa mga linya. Dalhin ang card na ito at kabisaduhin ang mga talata.

*Markos 8:36 Step 10*

*"Ano ba ang mapapala ng isang tao kung mapasakanya man ang lahat ng bagay sa mundo, pero mapapahamak naman ang kaluluwa niya?" ASND*

*Lukas 12:15 Step 7*

*At sinabi niya sa kanilang lahat, "Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman; sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa dami ng kanyang kayamanan."*

*Efeso 5:25 Step 4*

*"Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa, tulad ng pagmamahal ni Cristo sa kanyang iglesya. Inihandog niya ang kanyang sarili para sa iglesya."*

*2 Timoteo 4:2 Step 1*

*Ipangaral mo ang salita ng Diyos; pagsikapan mong gawin iyan napapanahon man o hindi. Himukin mo at pagsabihan ang mga tao, at palakasin ang kanilang loob sa pamamagitan ng matiyagang pagtuturo. (MBB05)*

*Kawikaan 20:17 Step 11*

*"Anumang nakuha sa pandaraya ay parang masarap na pagkain, ngunit kapag tumagal ay para kang kumain ng buhangin." Kawikaan 20:17MBB05*

*Roma 4:20-21 Step 8*

*20Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Dios, kundi lalo pang tumibay ang kanyang pananampalataya. Pinapurihan niya ang Dios 21dahil lubos siyang umasa na tutuparin ng Dios ang kanyang pangako.*

*1 Pedro 3:7 Step 5*

*"Kayo namang mga lalaki, pakisamahan ninyong mabuti ang inyong asawa, dahil ito ang nararapat bilang isang Cristiano. Igalang n'yo sila bilang mga babaeng mas mahina kaysa sa inyo, dahil binigyan din sila ng Dios ng buhay na walang hanggan katulad ninyo. Kapag ginawa n'yo ito, sasagutin ng Dios ang mga panalangin ninyo."*

*Roma 6:11 Step 2*

*"At dahil nakay Cristo Jesus na kayo, ituring ninyo ang inyong mga sarili na patay na sa kasalanan at nabubuhay na para sa Dios." (ASND)*

*Juan 5:24 Step 9*

*"Sinasabi ko sa inyo ang totoo, ang sumusunod sa aking mga salita at sumasampalataya sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan sapagkat inilipat na nga siya sa buhay mula sa kamatayan". ASND*

*Kawikaan 31:30 Step 6*

*"Ang pagiging kaakit-akit ay makapandaraya, at ang kagandahan ay kumukupas.*
*Pero ang babaeng may takot sa PANGINOON ay dapat purihin." ASND*

*Mateo 6:1 Step 3*

*"Mag-ingat kayo at baka ang paggawa ninyo ng mabuti ay pakitang-tao lang. Sapagkat kung ganyan ang ginagawa ninyo, wala kayong matatanggap na gantimpala mula sa inyong Amang nasa langit." ASND*

# Certificate

ay iginagawad kay

Na kasiya-siyang natapos ang lahat ng aralin ng kurso sa

## Bagong Buhay Kay Cristo    Volume 5

Pamumuhay ng may Kalayaan, Pagkilala sa Katotohanan...

**Mga Biblikal na Kasagutan sa mga Karaniwang Kasinungalingan**

*""Kaniyang tatakpan ka ng kaniyang mga bagwis, at sa ilalim ng kaniyang mga pakpak ay manganganlong ka: ang kaniyang katotohanan ay kalasag at baluti."    Awit 91:4*

*Pastor o Guro*

Petsa